

## HINGGIL SA KONTRADIKSYON\*

Agosto 1937

Ang batas ng kontradiksiyon sa mga bagay, ibig sabihi'y ang batas ng kaisahan ng magkasalungat, ay siyang saligang batas ng materyalistang diyalektika. Sinabi ni Lenin, "Ang diyalektika sa tamang pakahulugan ay ang pag-aaral ng kontradiksiyon sa pinaka-esensya ng mga bagay".(1) Madalas tawagin ni Lenin ang batas na ito na esensya ng dialektika; tinawag din niya itong ubod ng diyalektika.(2) Sa pag-aaral ng batas na ito, kung gayon, hindi natin maiiwasang saklawin ang iba't ibang katanungan, ang ilang suliraning pampilosopiya. Kung magiging malinaw sa atin ang lahat ng suliraning ito, magkakaroon tayo ng pundamental na pagkaunawa sa materyalistang diyalektika. Ang mga suliranin ay ang dalawang pananaw-sa-daigdig, ang unibersalidad ng kontradiksiyon, ang prinsipal na kontradiksiyon at ang prinsipal na aspeto ng isang kontradiksiyon, ang identidad at tunggalian ng mga aspeto ng isang kontradiksiyon at ang lugar ng antagonismo sa kontradiksiyon.

Ang mga punang itinuon sa idealismo ng kaisipang Deborin(3) na naganap sa mga sirkulong pampilosopiya sa Unyong Sobyet nitong mga nakaraang taon ay pumukaw ng ating malaking interes. Ang idealismong Deborin ay nagkaroon ng napakasamang impluwensya sa Partido Komunista ng Tsina at hindi masasabing ang dogmatikong kaisipan sa ating Partido ay di-kaugnay ng pananaw ng kaisipang iyon. Kung gayon, dapat na maging pangunahing layunin ng ating kasalukuyang pag-aaral ng pilosopiya ang pagwawaksi ng dogmatikong kaisipan.

### Ang Dalawang Pananaw-sa-Daigdig

Sa buong kasaysayan ng kaalaman ng tao, nagkaroon ng dalawang idea hinggil sa batas ng pag-unlad ng sanlibutan, ang metapisikong idea at ang diyalektikong idea, na siyang bumubuo ng dalawang magkasalungat na pananaw-sa-daigdig. Sinabi ni Lenin:

Ang dalawang saligang (o dalawang posible o dalawang makikita sa kasaysayan) idea ng pag-unlad (ebolusyon) ay ang pag-unlad bilang pagkaunti at pagdami, bilang pag-ulit, at pag-unlad bilang isang kaisahan ng magkasalungat (ang paghati ng isang kaisahan sa nagkakabukurang magkasalungat at ang kanilang magkatugong ugnayan).(4)

Dito'y tinukoy ni Lenin ang dalawang magkaibang pananaw-sa-daigdig.

Sa Tsina, ang iba pang katawagan sa metapisika ay hsuan-hsueh. Sa loob ng mahabang panahon sa kasaysayan, sa Tsina man o Europa, ang ganitong paraan ng pag-iisip na isang di-maihihiwalay na bahagi ng idealistang pananaw-sa-daigdig ay nanaig sa kaisipan ng tao. Sa Europa, ang materyalismo ng burgesya sa mga unang araw nito ay metapisiko rin. Nang ang ekonomyang panlipunan sa maraming bayang Europeo ay sumapit sa yugto ng mataas na kaunlaran ng kapitalismo, nang ang mga pwersa sa produksyon, ang tunggalian ng mga uri, at ang mga siyensya ay sumulong sa yugtong walang kapantay sa kasaysayan, at nang ang proletaryado sa industriya ay naging pinakamalaking pwersang pampakilos sa pag-unlad ng kasaysayan, lumitaw ang Marxistng pananaw-sa-daigdig ng materyalistang diyalektika. Pagkaraan, bukod sa hayagan at garapal na reaksyonaryong idealismo, lumitaw pa ang bulgar na ebolusyonismo sa hanay ng burgesya upang tutulan ang materyalistang diyalektika.

Ang metapisiko o bulgar na ebolusyonistang pananaw-sa-daigdig ay tumitingin sa mga bagay bilang magkakabukod, di-gumagalaw at may iisang panig. Itinuturing nito na ang lahat ng bagay sa sanlibutan, ang kanilang anyo at sari ay habampanahong magkakabukod-bukod sa isa't isa at di-magbabago. Anumang pagbabagong nagaganap ay maaaring isa lamang karagdagan o kabawasan sa kantidad o isang pagbabago ng lugar. Bukod dito, ang dahilan ng gayong karagdagan o kabawasan o pagbabago ng lugar ay hindi nagaganap sa loob ng mga bagay kundi sa labas ng mga iyon, na ang ibig sabihi'y panlabas ang pwersang pampakilos. Inaakala ng mga metapisiko na ang lahat ng magkakaibang klaseng bagay sa sanlibutan at ang lahat ng katangian niyon ay hindi nagbabago mula pa noong sumulpot ang mga iyon. Lahat ng sumunod na pagbabago ay karagdagan o kabawasan lamang sa kantidad. Iginigiit nila na ang isang bagay ay maaari lamang magbunga nang magbunga ng gayunding klase ng bagay at hindi maaaring magbago tungo sa anupamang bagay na naiiba. Sa kanilang palagay, ang kapitalistang pagsasamantala, ang kapitalistang kompetisyon, ang indibidwalistang ideolohiya ng lipunang kapitalista at marami pang iba ay pawang matatagpuan sa lipunang may-alipin noong unang panahon o

maging sa sinaunang lipunan at iiral magpakailanman nang walang pagbabago. Ipinalalagay nila na ang mga dahilan ng pag-unlad ng lipunan ay mga salik sa labas ng lipunan, tulad ng heograpiya at klima. Sa labis na pinasimpleng paraan ay hinanap nila sa labas ng isang bagay ang mga dahilan ng pag-unlad niyon at itinatatwa nila ang teorya ng materyalistang diyalektika na naninindigang ang pag-unlad ay bunga ng mga kontradiksiyon sa loob ng isang bagay. Sa gayon, hindi nila maipaliwanag ang pagkakaiba-iba ng mga kalidad o ang pangyayaring nagiging ibang kalidad ang isang kalidad. Sa Europa, ang ganitong paraan ng pag-iisip ay umiral bilang mekanikal na materyalismo noong ika-17 hanggang ika-18 siglo at bilang bulgar na ebolusyonismo sa katapusan ng ika-19 at sa pagsisimula ng ika-20 siglo. Sa Tsina, umiral ang kaisipang metapisiko na hinahalimbawa ng kawikaang, "Hindi nagbabago ang langit, gayundin ang landas ng tao",<sup>(5)</sup> at iyon ay itinaguyod ng nabubulok nang naghaharing uring pyudal sa loob ng mahabang panahon. Ang mekanikal na materyalismo at bulgar na ebolusyonismo, na nagmula sa Europa nitong huling dantaon, ay itinaguyod ng burgesya.

Salungat sa metapisikong pananaw-sa-daigdig, ang pananaw-sa-daigdig ng diyalektikong materyalismo ay naniniwalang upang maunawaan ang pag-unlad ng isang bagay, kailangang pag-aralan ang panloob na esensya niyon at ang mga relasyon niyon sa ibang bagay; sa ibang salita, ang pag-unlad ng mga bagay ay kailangang tingnan bilang panloob at kinakailangang kusang paggalaw niyon, samantalang ang bagay sa pagkilos niyon ay nakikipag-ugnayan at may interaksyon sa mga bagay sa paligid niyon. Ang pundamental na dahilan ng pag-unlad ng isang bagay ay hindi panlabas kundi panloob, nasa pagkakaroon ng kontradiksiyon sa loob ng bagay. May panloob na kontradiksiyon sa loob ng isang bagay kung kaya't iyo'y kumikilos at umuunlad. Ang pagkakaroon ng kontradiksiyon sa loob ng isang bagay ay siyang pundamental na dahilan ng pag-unlad niyon, samantalang ang pakikipag-ugnayan at interaksyon niyon sa ibang bagay ay sekundaryong dahilan. Kaya nga, mabisang kinakalaban ng materyalistang diyalektika ang teorya ng panlabas na mga dahilan, o ng panlabas na pwersang pampakilos na itinataguyod ng metapisikong materyalismong mekanikal at ng bulgar na ebolusyonismo. Mapatutunayang ang lantay na panlabas na dahilan ay makalilikha lamang ng paggalaw na mekanikal, na ang ibig sabihi'y mga pagbabago sa sukat o kantidad ngunit hindi makapagpapaliwanag kung bakit ang mga bagay ay kalitatibong nagkakaiba sa libu-libong paraan at kung bakit ang isang bagay ay nababago sa isa pang bagay. Sa katunayan, kahit na ang mekanikal na paggalaw na sanhi ng panlabas na pwersa ay nagaganap dahil sa pagkakaroon ng kontradiksiyon sa loob ng bagay. Ang karaniwang paglaki ng mga halaman at mga hayop, ang pag-unlad ng mga iyon sa kantidad, ay pangunahing resulta rin ng

kanilang panloob na kontradiksyon. Gayundin naman, ang pangunahing dahilan ng pag-unlad ng lipunan ay panloob at hindi panlabas. Ang mga bayang may halos magkakatulad na kalagayan ng heograpiya at klima ay nagpapamalas ng malaking pagkakaiba-iba at di-pagkakapantay-pantay sa kanilang pag-unlad. Maidaragdag pa na maaaring maganap ang malalaking pagbabagong panlipunan sa iyo't iyon ding bayan bagamat ang heograpiya at klima nito ay nananatiling di-nagbabago. Ang imperyalistang Rusya ay naging sosyalistang Unyong Sobyet, at ang pyudal na Hapon na nagsara ng kanyang pinto sa daigdig ay naging imperyalistang Hapon, bagamat walang naganap na pagbabago sa heograpiya at klima ng dalawang bayan. Ang Tsina na matagal nang pinaghaharian ng pyudalismo ay nagkaroon ng malakihang pagbabago nitong huling dantaon at ngayo'y tumutungo na sa pagiging isang bagong Tsina, na pinalaya na't nagsasarili, bagamat walang pagbabagong naganap sa kanyang heograpiya at klima. Oo nga't may nagaganap na pagbabago sa heograpiya at klima ng daigdig sa kabuuan at sa bawat bahagi niyon, ngunit iyo'y bahagyang-bahagya kung ihahambing sa mga pagbabago sa lipunan; ang mga pagbabago sa heograpiya at klima ay napapakita sa singkad na sampu-sampung libong taon, samantalang ang mga pagbabagong panlipunan ay napakikita sa libu-libo, daan-daan o sampu-sampung taon, o maging sa loob ng iilang taon o buwan sa panahon ng rebolusyon. Ayon sa materyalistang diyalektika, ang pangunahing dahilan ng mga pagbabago sa kalikasan ay ang pag-unlad ng panloob na mga kontradiksyon sa kalikasan. Ang pangunahing dahilan ng mga pagbabago sa lipunan ay ang pag-unlad ng mga panloob na kontradiksyon sa lipunan, na ang ibig sabihi'y ang kontradiksyon sa pagitan ng mga pwersa sa produksyon at mga relasyon sa produksyon, ang kontradiksyon ng mga uri at ang kontradiksyon ng luma at bago; ang pag-unlad ng mga kontradiksyong ito ang siyang nagtutulak nang pasulong sa lipunan at siyang nagbibigay ng sigla at lakas upang mahalinhinhan ng bago ang lumang lipunan. Inihihwalay ba ng materyalistang diyalektika ang mga panlabas na dahilan? Hindi kailanman. Naninindigan ito na ang mga panlabas na dahilan ang siyang mga kondisyon ng pagbabago at ang mga panloob na dahilan ang siyang batayan ng pagbabago, at ang mga panlabas na dahilan ay nagkakabisa lamang sa pamamagitan ng mga panloob na dahilan. Sa isang akmang temperatura, ang isang itlog ay nagiging isang sisiw, ngunit walang temperaturang makapagpapabago sa isang bato upang maging isang sisiw, sapagkat ang dalawa'y may magkaibang batayan. Walang humpay na nagkakaugnayan ang mga mamamayan ng iba't ibang bayan. Sa panahon ng kapitalismo, lalo na sa panahon ng imperyalismo at rebolusyong proletaryo, lubhang malakas ang pag-uugnayan at pag-iimpluwensyahan ng iba't ibang bayan sa larangan ng pulitika, kultura at ekonomya. Ang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre ay nagbukas ng isang bagong panahon sa kasaysayan ng daigdig at gayundin naman sa

kasaysayan ng Rusya. Ito'y nakaimpluwensya sa mga panloob na pagbabago sa ibang bayan sa daigdig, gayundin naman sa mga panloob na pagbabago sa Tsina sa napakalalim na paraan. Gayunpaman, ang mga pagbabagong ito ay nagkabisa dahil sa panloob na mga batas ng pag-unlad ng mga bayang ito, kasama na ang Tsina. Sa labanan, nagtatagumpay ang isang hukbo at nagagapi naman ang isa; ang tagumpay at pagkatalo ay kapwa pinagpapasyahan ng mga panloob na dahilan. Matagumpay ang isa sapagkat malakas iyon o sapagkat mahusay ang namumuno, at ang isa nama'y talunan sapagkat mahina iyon o di-mahusay ang namumuno; sa pamamagitan ng panloob na dahilan nagkakabisa ang mga panlabas na dahilan. Sa Tsina, noong 1927, dumanas ng pagkatalo ang proletaryado sa kamay ng malaking burgesya dahil sa oportunidadong noo'y nasa loob mismo ng proletaryadong Tsino (sa loob ng Partido Komunistang Tsina). Nang maalis natin ang oportunidadong ito, muling sumulong ang rebolusyong Tsino. Pagkaraan, muling dumanas ng pagkatalo ang rebolusyong Tsino sa kamay ng kaaway, sapagkat lumitaw ang adbenturismo sa loob ng ating Partido. Nang maalis natin ang adbenturismong ito, muli na namang naisulong ang ating ipinakikipaglaban. Kayat makikita na upang maakay ang rebolusyon tungo sa tagumpay, ang isang partidong pampulitika ay kailangang manangan sa katumpakan ng linyang pampulitika nito at sa matibay na pagkakabuklod-buklod ng organisasyon nito.

Lumitaw ang diyalektikong pananaw-sa-daigdig noong unang panahon sa Tsina at sa Europa. Gayunman, may pagka-ispontanyo at pagkawalang-muwang ang diyalektika noong panahong iyon; sa mga umiiral na kalagayang panlipunan at pangkasaysayan noon, hindi pa nito nabuo ang isang sistema sa teorya, kung kayat hindi nito ganap na naipaliwanag ang mundo at nakapanaig ang metapisika. Si Hegel, ang bantog na pilosopong Aleman na nabuhay sa huling dako ng ika-18 siglo at sa unang dako ng ika-19 na siglo, ay nakagawa ng napakahalagang ambag sa diyalektika, datapwat idealista ang kanyang diyalektika. Nang lagumin nina Marx at Engels, ang mga dakilang tagapagtaguyod sa kilusang proletaryo, ang mga positibong nagawa na sa kasaysayan ng kaalaman ng tao, at laluna nang kritikal na kinuha nila ang rasyonal na elemento sa diyalektika ni Hegel at nilikha ang dakilang teorya ng diyalektikong materyalismo at pangkasaysayang materyalismo, saka lamang naganap ang walang kapantay na rebolusyon sa kasaysayan ng kaalaman ng tao. Ang teoryang ito'y pinaunlad pa nina Lenin at Stalin. At nang lumaganap ito sa Tsina, lumikha ito ng mga napakalaking pagbabago sa daigdig ng kaisipang Tsino.

Itinuturo sa atin nitong diyalektikong pananaw-sa-daigdig, unang-una, kung paano magmamasid at magsusuri ng pagkilos ng

magkasalungat sa iba't ibang bagay at, batay sa pagsusuring ito, kung paano ipakikita ang mga paraan ng paglutas ng mga kontradiksyon. Kung gayo'y napakahalagang maunawaan natin sa kongkretong paraan ang batas ng kontradiksyon ng mga bagay.

## II. Ang Unibersalidad ng Kontradiksyon

Sa ikagagaan ng paglalahad, una kong tatalakayin ang unibersalidad ng kontradiksyon at pagkaraa'y ang partikularidad ng kontradiksyon. Ito'y dahilan sa mga unibersalidad ng kontradiksyon ay maipaliliwanag nang mas maikli, sapagkat ganap nang kinikilala ito magmula pa nang matuklasan ang materyalistang diyalektikong pananaw-sa-daigdig, at makaraang gamitin ang materyalistang diyalektika nang may katangi-tanging tagumpay sa pagsusuri ng maraming aspeto ng kasaysayan ng tao at sa pagbabago ng lipunan at ng kalikasan (tulad ng sa Unyong Sobyet) ng mga dakilang tagapaglikha at tagapagpatuloy ng Marxismo -- sina Marx, Engels, Lenin at Stalin; samantalang ang partikularidad ng kontradiksyon naman ay hindi pa malinaw na nauunawaan ng maraming kasama, lalo na ng mga dogmatista. Hindi nila nauunawaan na sa partikularidad na rin ng kontradiksyon matatagpuan ang unibersalidad nito. Ni hindi rin nila nauunawaan kung gaano kahalaga ang pag-aaral ng partikularidad ng kontradiksyon sa mga kongkretong bagay na kinakaharap natin upang mapatnubayan ang pagsasagawa ng rebolusyon. Kung gayon, kailangang bigyang-diin ang pag-aaral ng partikularidad ng kontradiksyon at bigyan ito nang sapat na paliwanag. Dahil dito, sa ating pagsusuri sa batas ng kontradiksyon sa mga bagay, susuriin muna natin ang unibersalidad ng kontradiksyon, sunod na bibigyan ng tanging diin ang pagsusuri ng partikularidad ng kontradiksyon at sa huli'y babalik tayo sa unibersalidad ng kontradiksyon.

Ang unibersalidad o pagiging absoluto ng kontradiksyon ay may magkatambal na kahulugan. Ang una'y nagsasaad na ang kontradiksyon ay umiiral sa proseso ng pag-unlad ng lahat ng bagay at ang ikalawa'y nagsasaad na sa proseso ng pag-unlad ng bawat bagay ay umiiral ang isang pagkilos ng magkasalungat sa simula hanggang katapusan.

Sinabi ni Engels, "Ang paggalaw mismo ay isang kontradiksyon."(6) Sa pakahulugan ni Lenin, ang batas ng kaisahan ng magkasalungat ay "ang pagkilala (pagtuklas) sa magkasalungat, nagkakabukuran, magkataliwas na tendensya sa lahat ng penomenon at proseso ng kalikasan (kasama ang isipan at lipunan)".(7) Tama ba ang kaisipang ito? Oo, tama ang mga

ito. Ang pagkakaugnay-ugnay ng mga aspetong magkakatangali ay matatagpuan sa lahat ng bagay at tunggalian ng mga aspetong ito ang siyang nagpapasya sa buhay ng lahat ng bagay at siyang nagtutulak nang pasulong sa kanilang pag-unlad. Walang anumang bagay na hindi nagtataglay ng kontradiksyon; kung walang kontradiksyon ay wala na ring mabubuhay.

Kontradiksyon ang batayan ng simpleng anyo ng galaw (halimbawa'y galaw na mekanikal), lalung-lalo na ng mga masalimuot na anyo ng galaw.

Ganito ang pagkakapaliwanag ni Engels sa unibersalidad ng kontradiksyon:

Kung ang simpleng mekanikal na pagbabago ng lugar ay nagtataglay ng kontradiksyon, ito'y higit na totoo sa mas mataas na anyo ng galaw ng bagay at lalo na sa organikong buhay at sa pag-unlad nito.... ito mismo at unang-una nang ito ang bumubuo ng buhay -- na sa bawat sandali ang isang maybuhay ay iyon nga, ngunit hindi iyon. gayunma'y iba pa rin. Ang buhay, kung gayon, ay isa ring kontradiksyon na matatagpuan sa mga bagay at sa mga proseso na rin, at patuloy na lumilikha at nagbibigay-wakas sa sarili; at sa sandaling huminto ang kontradiksyon, ang buhay ay nagwawakas na rin at sumasapit ang kamatayan. Nakita rin natin na sa kaisipan man ay hindi natin matatakas ang mga kontradiksyon at, bilang halimbawa, ang kontradiksyon ng walang hanggang kakayahang taglay ng tao para sa karunungan at nang talagang pagkakaroon niyon sa mga tao lamang na sa panlabas ay limitado at nagtataglay ng limitadong pagkilala ay nakatuklas ng solusyon sa bagay na, kahit sa praktika man lamang sa ganang atin, ay isang walang katapusang pagpapalit-palit ng henerasyon, sa walang hanggang pag-unlad.

...ang isa sa batayang prinsipyo ng mataas na matematika ay ang kontradiksyon na sa ilang pangyayari ang mga tuwid na guhit at ang mga kurba ay maaaring magkatulad ...

Ngunit maging ang mababang matematika ay punung-puno ng mga kontradiksyon.(8)

Inilarawan ni Lenin ang unibersalidad ng kontradiksyon gaya ng sumusunod:

Sa matematika: + at -. Pagbabawas at pagdaragdag.

Sa mekanika: aksyon at reaksiyon.

Sa pisika: positibo at negatibong elektrisidad.  
Sa kimika: kombinasyon at paghihiwalay ng atomo.  
Sa siyensyang panlipunan: tunggalian ng mga uri.(9)

Sa digmaan, ang pagsalakay at pagtatanggol, ang pagsulong at pag-urong, ang tagumpay at pagkatalo ay pawang magkasalungat na pangyayari. Kung wala ang isa, hindi iiral ang kabaligtaran. Ang dalawang aspeto ay karakang nagtutunggalian at nagkakaugnayan at ito'y siyang bumubuo sa isang digmaan, nagtutulak dito upang umunlad at lumutas sa mga suliranin nito.

Bawat pagkakaiba ng kaisipan ng mga tao ay dapat ituring na sumasalamin ng mga salungatang obhetibo. Ang mga obhetibong kontradiksyon ay nasasalamin sa suhetibong pag-iisip, at ang kaparaanang ito ang siyang bumubuo ng magkataliwas na pagkilos ng mga idea, nagtutulak sa pag-unlad ng kaisipan at walang-humpay na lumulutas ng mga suliranin sa isipan ng tao.

Patuloy na nangyayari sa loob ng partido ang pagsasalungatan at tunggalian ng iba't ibang kaisipan; ito ay repleksyon sa loob ng partido ng mga kontradiksyon ng mga uri at ng bago at luma sa lipunan. Kung walang mga kontradiksyon sa partido, kung walang tunggaliang pang-ideolohiya upang malutas ang mga ito, magwawakas na ang buhay ng partido.

Samakatwid, malinaw na ang kontradiksyon ay umiiral nang unibersal at sa lahat ng proseso maging sa simple o masalimuot mang anyo ng galaw, sa obhetibong pangyayari o sa pang-ideolohiyang pangyayari man. Ngunit umiiral din ba ang kontradiksyon sa pasimulang yugto ng bawat proseso? May pagkilos ba ng magkakasalungat sa simula hanggang wakas sa proseso ng pag-unlad ng bawat bagay?

Tulad nang makikita sa mga artikulong sinulat ng mga pilosopong Sobyet na pumupuna rito, naniniwala ang kaisipang Deborin na ang kontradiksyon ay hindi lumilitaw sa pagsisimula ng isang proseso kundi sa pagsapit nito lamang sa isang tiyak na yugto. Kung gayon ang pangyayari, ang dahilan ng pag-unlad ng proseso bago sumapit ang yugtong iyon ay panlabas at hindi panloob. Sa gayon, si Deborin ay bumabalik sa metapisikong teorya ng panlabas na dahilan at teorya ng mekanismo. Kung gagamitin ang pananaw na ito sa pagsusuri ng mga kongkretong suliranin, nakikita lamang ng kaisipang Deborin ang mga pagkakaiba ngunit hindi ang mga kontradiksyon ng mga kulak [mamamayang magsasaka] at mga karaniwang magsasaka sa umiiral na kalagayan sa Unyong Sobyet, kayat buong-buong



sumasang-ayon ito kay Bukharin. Sa pagsusuri ng Rebolusyong Pranses, ipinalalagay nito na bago nangyari ang Rebolusyon, may mga pagkakaiba lamang at walang salungatan sa Ikatlong Estado na binubuo ng mga manggagawa, mga magsasaka at burgesya. Laban sa Marxismo ang mga pananaw na ito ng kaisipang Deborin. Hindi nauunawaan ng kaisipang ito na ang bawat pagkakaiba ay mayroon nang kontradiksiyon at mismong ang pagkakaibang iyon ay kontradiksiyon. Ang proletaryado at kapitalista ay magkasalungat na sapul nang lumitaw ang dalawang uring iyon, lamang ay hindi pa gaanong maigting ang salungatan sa pasimula. Maging sa kalagayang panlipunang umiiral sa Unyong Sobyet, mayroon nang pagkakaiba ang manggagawa't magsasaka at ang pagkakaibang ito mismo ay isang kontradiksiyon, bagamat di tulad ng kontradiksiyon ng paggawa at kapital ay hindi ito iigting upang humantong sa antagonismo o kaya'y mag-anyong tunggalian ng mga uri; ang mga magsasaka at mga manggagawa ay nakapagtatag na ng isang matibay na pagsasamahan sa konstruksiyong sosyalista at unti-unting nilulutas nila ang kontradiksiyong ito sa proseso ng pagsulong mula sa sosyalismo tungo sa komunismo. Ang usapin dito ay ang pagkakaiba-iba ng kontradiksiyon, hindi ang pagkakaroon o kawalan ng kontradiksiyon. Ang kontradiksiyon ay unibersal at ganap, matatagpuan sa proseso ng pag-unlad ng lahat ng bagay at pumapaloob sa bawat proseso mula sa simula hanggang wakas.

Ano ang kahulugan ng paglitaw ng isang bagong proseso? Ang lumang kaisahan na may magkasalungat na mga bahagi ay nagbibigay-daan sa isang bagong kaisahan na may kanya ring magkasalungat na mga bahagi, at kapagkunwa'y lumilitaw ang isang bagong proseso upang palitan ang luma. Nagwawakas ang lumang proseso at nagsisimula naman ang bago. Ang bagong proseso ay may bagong kontradiksiyon at nagpapasimula ng sarili nitong kasaysayan ng pag-unlad ng mga kontradiksiyon.

Tulad ng sinabi ni Lenin, si Marx sa kanyang Kapital ay nagbigay ng modelong pagsusuri sa pagkilos ng magkakasalungat na sumasaklaw sa proseso ng pag-unlad ng mga bagay sa simula hanggang wakas. Ito ang pamamaraang dapat gamitin sa pag-aaral ng pag-unlad ng lahat ng bagay. Ginamit din nang wasto ni Lenin ang ganitong pamamaraan at sinunod niya ito sa lahat ng kanyang akda.

Sa kanyang Kapital, unang sinuri ni Marx ang pinakasimple, pinakaordinaryo at pinakapundamental, pinakakaraniwan at pang-araw-araw na relasyon ng lipunang burges (pangkalakal), isang relasyong bilyun-bilyong ulit nang nasasaksihan, na ang ibig sabihi'y ang palitan ng mga kalakal. Sa napakasimpleng pangyayaring ito (sa "selulang" ito ng lipunang burges), nabunyag sa pagsusuri ang lahat ng kontradiksiyon (o

ang esensya ng lahat ng kontradiksiyon) ng makabagong lipunan. Ipinakikita sa atin ng mga sumunod na paglalahad ang pag-unlad (kapwa ang paglaki at ang pagkilos) ng mga kontradiksiyong ito at ng lipunang ito sa (kabuuan) ng mga bahagi nito, sa simula hanggang wakas nito.

Idinagdag ni Lenin, "Gayon din ang kailangang maging pamamaraan ng paglalahad (o pag-aaral) ng diyalektika sa pangkalahatan."(10)

Kailangang matutunan ng mga Komunistang Tsino ang pamamaraang ito; kapag nagawa nila ito, saka pa lamang nila masusuri nang wasto ang kasaysayan at ang kasalukuyang kalagayan ng rebolusyong Tsino at mahihinuha ang kinabukasan nito.

### III. Ang Partikularidad ng Kontradiksiyon

Ang kontradiksiyon ay matatagpuan sa proseso ng pag-unlad ng lahat ng bagay; ito'y pumapaloob sa proseso ng pag-unlad ng bagay sa simula hanggang wakas. Ito ang unibersalidad at pagka-absoluto ng kontradiksiyon na una nating tinalakay. Talakayin naman natin ngayon ang partikularidad at pagka-relatibo ng kontradiksiyon.

Ang suliraning ito ay kailangang pag-aralan sa iba't ibang antas.

Una, may partikularidad ang kontradiksiyon sa bawat anyo ng galaw ng materya. Ang kaalaman ng tao hinggil sa materya ay kaalaman hinggil sa mga anyo ng galaw nito, sapagkat walang bagay sa mundong ito liban sa materyang gumagalaw at ang galaw na ito'y kailangang magkaroon ng tiyak na anyo. Kung susuriin ang bawat anyo ng galaw ng materya, dapat nating tingnan ang mga bahaging ikinahahalintulad nito sa ibang anyo ng galaw. Ngunit ang talagang mahalaga't kinakailangan, sapagkat siyang pundasyon ng kaalaman sa isang bagay, ay tingnan kung ano ang partikular sa anyong ito ng galaw ng materya, ibig sabihi'y tingnan ang pagkakaiba sa kalidad ng anyong ito ng galaw at ng iba pang anyo. Kapag nagawa natin ito, saka lamang natin mapagbubukod-bukod ang mga bagay. Bawat anyo ng galaw ay nagtataglay sa loob nito ng sariling partikular na kontradiksiyon. Ang partikular na kontradiksiyong ito ay siyang partikular na esensyang ikinaiiba ng isang bagay sa isa pang bagay. Ito ang panloob na dahilan o maaari ring tawaging batayan ng malaking pagkakasari-sari ng mga bagay sa daigdig. Maraming anyo ng galaw ang kalikasan, galaw na mekanikal, tunog, liwanag, init, elektrisidad, paghihiwalay, kombinasyon, at iba

pa. Ang lahat ng anyong ito'y magkakaugnay, ngunit sa esensya ay naiiba sa isa't isa. Ang partikular na esensya ng bawat anyo ng galaw ay itinatakda ng sarili nitong partikular na kontradiksyon. Ito'y hindi lamang totoo sa kalikasan kundi maging sa mga pangyayaring panlipunan at pang-ideolohiya. Bawat anyo ng lipunan, bawat anyo ng ideolohiya, ay may sariling partikular na kontradiksyon at partikular na esensya.

Ang mga siyensya ay pinag-iiba-iba nga batay sa mga partikular na kontradiksyong likas sa mga kinauukulang layon ng pag-aaral. Kaya nga't ang kontradiksyon na natatangi sa isang larangan ng penomenon ay siyang layon ng pag-aaral ng isang partikular na sangay ng siyensya. Halimbawa, ang mga positibo at negatibong numero sa matematika; aksyon at reaksiyon sa mekanika; positibo at negatibong elektrisidad sa pisika; paghihiwalay at kombinasyon sa kimika; mga pwersa sa produksyon at mga relasyon sa produksyon, mga uri at tunggalian ng mga uri, sa siyensyang panlipunan; pagsalakay at pagtatanggol sa siyensyang militar; idealismo at materyalismo, ang metapisikong pananaw at ang diyalektikong pananaw, sa pilosopiya; at iba pa --lahat ng ito'y mga layon ng pag-aaral ng iba't ibang sangay sa siyensya sapagkat bawat siyensya ay may sariling partikular na kontradiksyon at partikular na esensya. Mangyari pa, kung hindi natin nauunawaan ang unibersalidad ng kontradiksyon, wala tayong paraan upang matuklasan ang unibersal na dahilan o unibersal na batayan ng paggalaw o pag-unlad ng mga bagay; gayunman, kung hindi natin pag-aaralan ang partikularidad ng kontradiksyon, wala tayong paraan upang malaman ang partikular na esensya ng isang bagay na ikinaiiba nito sa isa pang bagay, wala tayong paraan upang matuklasan ang partikular na dahilan o partikular na batayan ng paggalaw o pag-unlad ng isang bagay, at wala tayong paraan upang maibukod ang isang bagay sa iba o maitakda ang hangganan ng mga larangan ng siyensya.

Tungkol sa pagkakasunud-sunod sa paggalaw ng kaalaman ng tao; laging nagaganap ang unti-unting pag-unlad mula sa kaalaman sa indibidwal at partikular na mga bagay tungo sa kaalaman sa mga bagay sa kalahatan. Kapag nalaman ng tao ang partikular na esensya ng maraming iba't ibang bagay saka lamang siya nakapagpapatuloy sa paglalahat at sa pag-alam sa karaniwang esensya ng mga bagay. Kapag natamo ng tao ang kaalaman tungkol sa karaniwang esensyang ito, ginagamit niya itong patnubay at saka niya pinag-aaralan ang iba't ibang kongkretong bagay na hindi pa napag-aaralan o lubusang napag-aaralan, at tinutuklas ang partikular na esensya ng bawat isa; sa ganoon lamang niya nararagdagan, napapayaman, at napauunlad ang kanyang kaalaman tungkol sa kanilang karaniwang esensya at naiiwasan ang pagkalanta o paninigas ng ganitong kaalaman. Ito ang dalawang proseso ng pag-alam: ang isa'y mula sa

partikular tungo sa pangkalahatan at ang isa nam'y mula sa pangkalahatan tungo sa partikular. Sa gayo'y umiikid ang pag-alam, at (kung mahigpit na susundin ang siyentipikong pamamaraan) sa bawat ikid ay sumusulong sa mas mataas na antas ang kaalaman ng tao at sa gayo'y lalong lumalalim. Ang pagkakamali ng ating mga dogmatista sa suliraning ito ay, una, hindi nila nauunawaan na kailangang pag-aralan natin ang partikularidad ng kontradiksyon at alamin ang partikular na esensya ng bawat bagay bago natin lubusang malaman ang unibersalidad ng kontradiksyon at ang karaniwang esensya ng mga bagay at, pangalawa, hindi nila nauunawaan na pagkatapos nating malaman ang karaniwang esensya ng mga bagay, kailangan pa ring magpatuloy at pag-aralan ang mga kongkretong bagay na hindi pa lubos na napag-aaralan o kalilitaw pa lamang. Batugan ang ating mga dogmatista. Ayaw nilang magsagawa ng anumang masusing pag-aaral ng mga kongkretong bagay, itinuturing nilang ang mga pangkalahatang katotohanan ay lumilitaw lamang mula sa kawalan, ginagawa nila itong mga pormulang lubusang abstrakto at di-matarok, kayat lubusan na nilang itinatatwa at binabaligtad ang normal na pagkakasunod-sunod ng pag-alam ng tao sa katotohanan. Hindi rin nila nauunawaan ang pagkakaugnay-ugnay ng dalawang proseso ng pag-alam -- mula sa partikular tungo sa pangkalahatan at pagkaraa'y mula sa pangkalahatan tungo sa partikular. Wala silang anumang nalalaman tungkol sa Marxistang teorya ng kaalaman.

Mahalagang pag-aralan natin hindi lamang ang partikular na kontradiksyon at ang esensyang itinakda ng lahat ng malaking sistema ng mga anyo ng galaw ng materya, kundi pati ang partikular na kontradiksyon at ang esensya ng bawat proseso sa matagal na pag-unlad ng bawat anyo ng paggalaw ng materya. Sa bawat anyo ng paggalaw ng materya, ang bawat proseso ng pag-unlad na totoo (hindi sa imahinasyon lamang) ay may kalaitatibong naiiba.. Kailangang magdiin at magsimula ang ating pag-aaral sa puntong ito.

Ang mga kontradiksyong nagkakaiba sa kalidad ay malulutas lamang sa mga paraang nagkakaiba rin sa kalidad. Halimbawa, ang kontradiksyon sa proletaryado at burgesya ay nalulutas sa pamamagitan ng sosyalistang rebolusyon; ang kontradiksyon ng malawak na masa ng sambayanan at sistemang pyudal ay nalulutas sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyon; ang kontradiksyon ng mga kolonya at imperyalismo ay nalulutas sa pamamagitan ng pambansang rebolusyonaryong digmaan; ang kontradiksyon ng uring manggagawa at uring magsasaka sa lipunang sosyalista ay nalulutas sa pamamagitan ng kolektibisasyon at mekanisasyon sa agrikultura; ang kontradiksyon sa loob ng Partido Komunista ay nalulutas sa pamamagitan ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili;

ang kontradiksyon sa lipunan at kalikasan ay nalulutas sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga pwersa sa produksyon. Nagbabago ang mga proseso, naglalaho ang mga lumang proseso at lumang kontradiksyon at lumilitaw ang mga bagong proseso at kontradiksyon, at ang mga paraan ng paglutas ng mga kontradiksyon ay nag-iiba rin ayon dito. Sa Rusya, may pundamental na pagkakaiba ang kontradiksyong nilutas ng Rebolusyong Pebrero sa kontradiksyong nilutas ng Rebolusyong Oktubre, gayundin ang mga paraang ginamit upang lutasin ang mga ito. Ang simulain sa paggamit ng iba't ibang paraan ng paglutas ng iba't ibang kontradiksyon ay dapat mahigpit na sundin ng mga Marxista-Leninista. Hindi sinusunod ng mga dogmatista ang simulaing ito; hindi nila nauunawaan na nagkakaiba ang mga kalagayan sa iba't ibang rebolusyon kung kayat hindi nila nauunawaan na iba't ibang paraan ang dapat gamitin sa paglutas ng iba't ibang kontradiksyon; sa halip, lagi nilang ginagamit ang inaakala nilang di-mababagong pormula at ito'y walang pagsusuring inilalapat kahit saan, bagay na nagiging sanhi lamang ng kabiguan sa rebolusyon o nanggugulo sa dati nang maayos na isinagawa.

Upang maipakita ang partikularidad ng mga kontradiksyon sa alinmang proseso ng pag-unlad ng isang bagay, sa kanilang kabuuan o pagkakaugnay-ugnay, alalaong baga'y upang maipakita ang esensya ng proseso, mahalagang maipakita ang partikularidad ng dalawang aspeto ng bawat kontradiksyon sa prosesog iyon; kung hindi ay imposibleng matuklasan ang esensya ng naturang proseso. Ito ay nangangailangan din ng masusing pansin sa ating pag-aaral.

Maraming kontradiksyon sa pag-unlad ng alinmang komplikadong bagay. Halimbawa, sa panahon ng burges-demokratikong rebolusyon sa Tsina, na napakasalimuot ang kalagayan, naririyang ang kontradiksyon ng lahat ng inaaping uri sa lipunang Tsino at imperyalismo, ang kontradiksyon ng malawak na masa ng sambayanan at pyudalismo, ang kontradiksyon ng proletaryado at burgesya, ang kontradiksyon ng uring magsasaka at petiburgesyang taga-lunsod sa isang panig at burgesya naman sa kabilang panig, ang kontradiksyon ng iba't ibang reaksyonaryong naghaharing pangkat at iba pa. Ang mga kontradiksyong ito ay hindi maaaring lutasin sa iisang paraan sapagkat bawat isa'y may kanya-kanyang partikularidad; bukod dito, ang dalawang aspeto ng bawat kontradiksyon ay hindi maaaring masdan sa iisang paraan sapagkat bawat aspeto ay may kanya-kanyang katangian. Tayong nasa Rebolusyong Tsino ay hindi lamang dapat umunawa sa mga partikularidad ng mga kontradiksyong ito sa kanilang kabuuan, alalaong baga'y sa kanilang pagkakaugnay-ugnay, kundi kailangan ding mag-aral ng dalawang aspeto ng bawat kontradiksyon na siyang tanging paraan ng pag-unawa sa kanilang kabuuan. Pag sinabi

nating unawain ang bawat aspeto ng kontrdiksiyon, ito'y nangangahulugang unawain ang partikular na katayuang kinalalagyan ng bawat aspeto, ang kongkretong anyo nito sa kanyang pagkakasalig at pakikitunggali sa kasalungat, at ang kongkretong pamamaraang ginagamit sa pakikitunggali sa kasalungat nito, kapag ang dalawa'y sumasalig at sumasalungat sa isa't isa, gayundin kapag nalansag na ang pagsasaligan. Mahalagang-mahalagang pag-aralan natin ang mga suliraning ito. Ito mismo ang ibig sabihin ni Lenin nang sabihin niyang ang pinakamahalagang bagay sa Marxismo, ang buhay na diwa ng Marxismo, ay ang kongkretong pagsusuri ng mga kongkretong kalagayan.(11) Nilalabag ng ating mga dogmatista ang mga itinuturo ni Lenin; kailanma'y hindi nila ginagamit ang kanilang utak sa kongkretong pagsusuri ng anumang bagay, at sa kanilang mga sinusulat at talumpati ay lagi silang gumagamit ng gasgas na estilong hungkag, kayat lumulikha ng napakasamang estilo ng paggawa sa ating Partido.

Sa pag-aaral ng isang suliranin, dapat nating iwasan ang pagkasuhetibo, ang pagtingin sa isang panig lamang at ang kababawan. Ang pagkasuhetibo ay nangangahulugan ng isang pagtinging hindi obhetibo sa mga suliranin, ibig sabihin ang hindi paggamit sa materyalistang pananaw sa pagsusuri ng mga suliranin. Natalakay ko na ito sa aking sanaysay na "Hinggil sa Praktika". Ang pagtingin sa isang panig lamang ay nangangahulugan ng hindi pagtingin sa lahat ng panig ng mga suliranin, halimbawa'y alamin lamang ang Tsina at hindi ang Hapon, ang Partido Komunista lamang at hindi ang Kuomintang, ang proletaryado lamang at hindi ang burgesya, ang mga magsasaka lamang at hindi ang mga panginoong maylupa, ang mga paborableng kalagayan lamang at hindi ang mga kahirapan, ang nakaraan lamang at hindi ang hinaharap, ang mga indibidwal na bahagi lamang at hindi ang kabuuan, ang mga pagkukulang lamang at hindi ang mabubuting nagawa, ang panig lamang ng nagsasakdal at hindi ang panig ng isinasakdal, ang lihim na rebolusyonaryong gawain lamang at hindi ang hayagang rebolusyonaryong gawain, at iba pa. Sa madaling sabi, ito'y nangangahulugan ng di pag-unawa sa mga katangian ng dalawang aspeto ng isang kontradiksiyon. Ito ang ibig nating sabihin ng pagtingin sa isang panig lamang ng suliranin. Maaari rin itong sabihing nakikita ang mga bahagi ngunit hindi ang kabuuan, nakikita ang mga punong-kahoy ngunit hindi ang gubat. Kaya, imposibleng matuklasan ang paraan ng paglutas ng kontradiksiyon, imposibleng maisakatuparan ang mga tungkulin sa rebolusyon, maisagawa nang mahusay ang mga itinakdang gawain o mapaunlad nang wasto ang tunggalian sa larangan ng ideolohiya sa loob ng Partido. Nang sinabi ni Sun Wu Tzu sa kanyang pagtalakay sa siyensyang militar, "Kilanlin ang kaaway at kilanlin ang sarili at makakalaban sa isandaang labanan nang walang panganib na magapi,"(12)

ang tinutukoy niya rito ay ang dalawang panig sa isang labanan. Naunawaan din ni Wei Cheng(13) ng Dinastiyang Tang ang kamalian ng pagtingin sa isang ang panig lamang nang kanyang sabihing, "Makinig sa magkabilang panig at ikaw ay maliliwanagan, makinig sa isang panig lamang at ikaw ay madirimlan." Datapwat ang ating mga kasama'y madalas tumingin sa isang panig lamang ng suliranin kaya madalas silang makatagpo ng balakid. Sa nobelang Shui Hu Chuan, tatlong beses na nilusob si Sung Chiang ang Nayong Chu.(14) Dalawang beses siyang nagapi sapagkat hindi niya alam ang mga kalagayan sa nayon at gumamit siya ng maling paraan. Nang sumunod ay pinalitan niya ang kanyang paraan; una'y nag-imbetiga muna siya ng kalagayan, inalam ang sali-salimuot na mga lansangan, pagkatapos ay nilansag ang alyansa ng mga nayon ng Li, Hu at Chu at ipinadala ang kanyang mga nakabalatkayong tauhan sa kampo ng kaaway upang maghintay, ginamit ang isang estratehiyang katulad ng sa kabayo ng Troya sa isang dayuhang kuwento. Sa pangatlong pagkakataon, siya'y nagtagumpay. Maraming halimbawa ng materyalistang diyalektika sa Shui Hu Chuan, at ang pangyayari ng tatlong paglusob sa Nayong Chu ay isa sa pinakamaganda. Ang sabi ni Lenin:

... upang tunay na malaman ang isang bagay, kailangang saklawin, pag-aralan ang lahat ng panig nito, lahat ng kaugnayan at "namamagitan" dito. Kailanma'y hindi natin makakamit ito nang lubos, ngunit ang pangangailangang tumingin sa lahat ng panig ay isang panlaban sa pagkakamali at katigasan.(15)

Dapat nating tandaan ang kanyang sinabi. Ang pagiging mababaw ay nangangahulugan ng di-pagsasaalang-alang sa mga katangian ng isang kontradiksyon sa kabuuan at sa mga katangian ng bawat aspeto nito; ito'y nangangahulugan ng di-pagkilala sa pangangailangan ng malalim na pagsusuri sa isang bagay at masusing pag-aaral ng mga katangian ng isang kontradiksyon, at sa halip ay pagmamasid sa malayo at matapos sulyapan ang balangkas pa lamang nito ay agad-agad tangkaing lutasin ang kontradiksyon (sagutin ang isang suliranin, lutasin ang isang hidwaan, asikasuhin ang gawain o pamunuan ang isang operasyong militar). Ang ganitong pag-asikaso sa mga bagay ay tiyak na magbubunga ng gulo. Kaya nga nagkakamali ang mga kasamang empirisista at dogmatista sa Tsina ay sapagkat suhetibista, makaisang-panig lamang at mababaw ang kanilang pagtingin sa mga bagay. Ang tumingin sa isang panig lamang at ang pagiging mababaw ay pagiging suhetibo rin. Lahat ng obhetibong bagay ay magkakaugnay at pinakikilos ng mga panloob na batas, subalit sa halip na isagawa ang tungkuling arukin ang mga bagay sa kanilang tunay na pag-iral, ang ilan ay tumitingin sa mga bagay sa isang panig lamang o

kaya'y sa paraang mababaw at hindi nakababatid ng pagkakaugnay o batas ng mga ito, kaya nagiging suhetibista ang kanilang paraan.

Hindi lamang ang buong proseso ng pagkilos ng magkasalungat sa pag-unlad ng isang bagay, kapwa sa kanilang pagkakaugnay-ugnay at sa bawat aspeto, ang nagtataglay ng mga partikular na katangiang dapat nating bigyang-pansin; maging ang bawat yugto sa proseso ay may mga partikular na katangiang dapat din nating bigyang-pansin.

Ang pundamental na kontradiksyon sa proseso ng pag-unlad ng isang bagay at ang esensya ng prosesog tinatakda ng pundamental na kontradiksyong ito ay hindi maglalaho habang hindi nakukumpleto ang proseso; datapwat sa isang mahabang proseso, kadalasa'y nag-iiba ang mga kalagayan sa bawat yugto. Ito'y dahil sa, bagamat ang kalikasan ng pundamental na kontradiksyon sa proseso ng pag-unlad ng isang bagay at ang esensya ng proseso ay hindi nagbabago, ang pundamental na kontradiksyon ay lalong umiigting sa pagdaraan nito, sa bawat yugto ng mahabang proseso. Bukod dito, sa maraming malalaki at maliliit na kontradiksyong itinatakda o naiimpluwensyahan ng pundamental na kontradiksyon, ang ilan ay umiigting, ang ilan ay pansamantala o bahagyang nalulutas o humuhupa, at may ilan pang bagong lumilitaw; kaya, ang proseso ay yugto-yugto. Kapag hindi natin pinag-ukulan ng pansin ang mga yugto sa proseso ng pag-unlad ng isang bagay, hindi natin mahahawakan nang maayos ang mga kontradiksyong ito.

Halimbawa, nang ang kapitalismo sa panahon ng malayang kompetisyon ay umabot sa imperyalismo, walang naganap na pagbabago sa makauring kalikasan ng proletaryado at burgesya, ang dalawang uring may pundamental na kontradiksyon, o sa kapitalistang esensya ng lipunan; gayunman, umiigting ang kontradiksyon ng dalawang uring ito, lumitaw ang kontradiksyon ng monopolyo at di-monopolyong kapital, umiigting ang kontradiksyon ng mga kapangyarihang kolonyal at mga kolonya, lalong malinaw na napakita ang kontradiksyon ng mga bayang kapitalista bunga ng di-pantay na pag-unlad, at sa gayo'y lumitaw ang espesyal na yugto ng kapitalismo, ang yugto ng imperyalismo. Ang Leninismo ay siyang Marxismo sa panahon ng imperyalismo at rebolusyong proletaryo dahil nga sa tumpak na naipaliwanag nina Lenin at Stalin ang mga kontradiksyong ito at tumpak na nilikha nila ang teorya at taktika ng rebolusyong proletaryo upang malutas ang mga ito.

Tingnan ang proseso ng burges-demokratikong rebolusyon ng Tsina na nagsimula sa Rebolusyon ng 1911; ito man ay may iba't ibang yugto. Sa partikular, ang rebolusyon sa panahon ng lideratong burges at ang



rebolusyon sa panahon ng lideratong proletaryo ay dalawang lubhang magkaibang yugtong pangkasaysayan. Sa ibang salita, ang lideratong proletaryo ay nagdulot ng pundamental na pagbabago sa buong rebolusyon, lumikha ng isang bagong paghahanay-hanay ng mga uri, nagbunga ng malaking pagsulong sa rebolusyong magsasaka, nagbigay ng kalubusan sa rebolusyon laban sa imperyalismo at pyudalismo, lumikha ng posibilidad ng transisyon mula sa demokratikong rebolusyon tungo sa sosyalistang rebolusyon, at iba pa. Isa man sa mga ito'y hindi maaaring mangyari noong nasa burgesya ang liderato ng rebolusyon. Bagamat walang pagbabagong nagaganap sa kalikasan ng pundamental na kontradiksiyon sa buong proseso, alalaong бага'y sa anti-imperyalista, anti-pyudal, demokratikong rebolusyong kalikasan ng proseso (na ang kabaligtaran ay ang mala-kolonyal at mala-pyudal na kalikasan), gayunpaman ay dumaan ang prosesong ito sa iba't ibang yugto ng pag-unlad sa loob ng mahigit na dalawampung taon; sa loob ng panahong ito naganap ang maraming malalaking pangyayari -- ang kabiguan ng Rebolusyon ng 1911 at pagtatatag ng rehimen ng mga panginoong militar sa Hilaga, ang pagbubuo ng unang pambansang nagkakaisang prente at ang rebolusyon ng 1924-27,(16) ang pagkakalansag sa nagkakaisang prente at ang pagpanig ng burgesya sa kontra-rebolusyon, ang mga digmaan ng mga bagong panginoong militar, ang Rebolusyong Digmaang Agraryo, ang pagtatatag ng ikalawang pambansang nagkakaisang prente at ang Digmaang Pagtatanggol Laban sa Hapon. Ang mga yugtong ito ay nagkaroon ng mga partikular na pangyayari gaya ng pag-igting ng ilang mga kontradiksiyon (halimbawa'y ang Rebolusyong Digmaang Agraryo at ang pananakop ng Hapon sa apat na lalawigan sa hilagang-silangan), ang bahagi o pansamantalang pagkalutas ng iba pang kontradiksiyon (halimbawa'y ang pagkawasak sa mga panginoong militar sa Hilaga at ang pagkukumpiska ng lupain ng mga panginoong maylupa), at ang paglitaw ng iba pang kontradiksiyon (halimbawa'y ang mga awayan ng mga bagong panginoong militar at ang pagbawi ng mga panginoong maylupa sa lupa nang mawala ang ating mga rebolusyong base sa timog).

Sa pag-aaral ng mga partikularidad ng mga kontradiksiyon sa bawat yugto sa proseso ng pag-unlad ng isang bagay, hindi lamang kailangan natin tingnan ang mga ito sa kanilang pagkakaugnay-ugnay o sa kanilang kabuuan; kailangan din natin suriin ang dalawang aspeto ng bawat kontradiksiyon.

Halinbawa, tingnan natin ang Kuomintang at ang Partido Komunista. Tingnan natin ang isang aspeto, ang Kuomintang. Sa panahon ng unang nagkakaisang prente, isinagawa ng Kuomintang ang Tatlong Dakilang Patakaran ni Sun Yat Sen: ang pakikipag-alyansa sa Rusya, ang

pakikipagtulungan sa Partido Komunista at ang pagtulong sa mga magsasaka at mga manggagawa; kaya, ito ay rebolusyonaryo at masigla, isang alyansa ng iba't ibang uri para sa demokratikong rebolusyon. Gayunpaman, pagkaraan ng 1927, ang Kuomintang ay nagtungo sa kabaligtaran at naging isang reaksyonaryong bloke ng mga panginoong maylupa at malaking burgesya. Pagkaraan ng Pangyayari sa Sian noong Disyembre 1936, nagsimula na naman ang isang pagbabago tungo sa pagpapahinto ng digmaang sibil at pakikipagtulungan sa Partido Komunista upang sama-samang labanan ang imperyalismong Hapones. Ganito ang partikular na katangian ng Kuomintang sa tatlong yugtong naturan. Mangyari pa, lumitaw ang katangiang ito sa iba't ibang mga kadhilanan. Tingnan naman natin ngayon ang kabilang aspeto, ang Partido Komunista ng Tsina. Sa panahon ng unang nagkakaisang prente, musmos pa ang Partido Komunista ng Tsina; buong katapangan nitong pinamunuan ang rebolusyon ng 1924-27 ngunit ipinakita nito ang kakulangan ng pagkakaunawa nito sa katangian, mga tungkulin at mga paraan ng rebolusyon, kayat bunga nito, ang Chen Tu-hsuisimo na lumitaw sa huling dako ng rebolusyong ito ay nangibabaw at nagbunga ng pagkatalo ng rebolusyon. Pagkaraan ng 1927, buong tapang na pinamunuan ng Partido Komunista ang Rebolusyonaryong Digmaang Agraryo at nilikha ang rebolusyonaryong hukbo at ang mga rebolusyonaryong base; gayunman, nakagawa ito ng mga adbenturistang kamalian na siyang naging dahilan ng malaking pinsala sa hukbo at sa mga base. Mula pa noong 1935 ay naiwasto na ng Partido ang mga kamaliang ito at pinamunuan nito ang bagong nagkakaisang prente laban sa Hapon; ang dakilang pakikibakang ito ay umuunlad ngayon. Sa kasalukuyang yugto, ang Partido Komunista ay isang Partidong dumaan sa pagsubok ng dalawang rebolusyon at may mayaman nang karanasan. Ito ang mga partikular na katangian ng Partido Komunista ng Tsina sa loob ng tatlong yugto. Maging ang mga pangyayaring ito ay naganap sa iba't ibang dahilan. Kung hindi pag-aaralan kapwa ang dalawang pangyayaring ito, hindi natin mauunawaan ang mga partikular na ugnayan ng dalawang partido sa panahon ng iba't ibang yugto ng pag-unlad nila; sa pagkakatatag ng nagkakaisang prente, sa pagkawasak ng nagkakaisang prente, at sa pagkakatatag ng panibagong nagkakaisang prente. Ang higit pang pundamental sa pag-aaral ng mga partikular na katangian ng dalawang partidong ito ay ang pagsusuri ng maka-uring batayan ng dalawang partido at ang mga ibinungang kontradiksiyon sa pagitan ng bawat partido at iba pang pwersa sa iba't ibang panahon. Halimbawa, sa panahon ng una nitong pakikipagtulungan sa Partido Komunista, nakasalungat ng Kuomintang ang dayuhang imperyalismo at samakatwid ito ay anti-imperyalista; sa kabilang dako naman, nakasalungat nito ang malawak na masa ng mga mamamayan sa loob ng bayan -- bagamat sa salita'y kayrami nitong ipinangakong kaginhawahan sa mga mamamayang anakpawis, sa katunaya'y kakaunti o wala itong naibigay. Sa

panahong inilunsad nito ang digmaang anti-Komunista, nakipagsabwatan ang Kuomintang sa imperyalismo at pyudalismo laban sa malawak na masa ng sambayanan at nilipol ang lahat ng tagumpay na nakamit na sa rebolusyon, at sa gayo'y pinaigting ang mga kontradiksyon nito sa kanila. Sa kasalukuyang panahon ng digmaang anti-Hapones, sinasalungat ng Kuomintang ang imperyalismong Hapones at nais nitong makipagtulungan sa Partido Komunista nang hindi naman niluluwagan ang kanyang pakikibaka sa Partido Komunista at sa mamamayan at ang kanyang pang-aapi sa mga ito. Tungkol naman sa Partido Komunista, sa bawat panaho'y lagi itong pumapanig sa malawak na masa ng sambayanan laban sa imperyalismo at pyudalismo, datapwat sa kasalukuyang panahon ng digmaang anti-Hapones, pinagtibay nito ang isang mahinahong patakaran ng pakikitungo sa Kuomintang at sa mga katutubong pwersang pyudal sapagkat ang Kuomintang ay nagpapahayag ng pagsang-ayong lumaban sa Hapon. Dahil sa mga pangyayaring nabanggit, naririyang magkaalyansa ang dalawang partido, naririyang magkatunggali ang dalawa, at maging sa panahon ng alyansa ay nagaganap ang isang masalimuot na kalagayan ng magkasabay na alyansa at tunggalian. Kapag hindi natin pinag-aralan ang mga partikular na anyo ng dalawang aspeto ng kontradiksyon, hindi natin mauunawaan ang mga kaugnayan ng bawat partido sa iba pang pwersa, gayundin ang mga ugnayan ng dalawang partido.

Kayat makikita na sa pag-aaral ng partikularidad ng anumang klase ng kontradiksyon -- ang kontradiksyon sa bawat anyo ng galaw ng materya, ang kontradiksyon sa bawat isa sa mga proseso ng pag-unlad, ang dalawang aspeto ng kontradiksyon sa bawat proseso, ang kontradiksyon sa bawat yugto ng isang proseso, at ang dalawang aspeto ng kontradiksyon sa bawat yugto -- sa pag-aaral ng partikularidad ng lahat ng kontradiksyong ito, hindi tayo dapat maging suhetibo at arbitraryo, bagkus ay dapat nating suriin ito sa paraang kongkreto. Kung walang kongkretong pagsusuri, hindi kailanman magkakaroon ng kaalaman sa partikularidad ng anumang kontradiksyon. Lagi nating tandaan ang sinabi ni Lenin, kongkretong pagsusuri sa mga kongkretong kalagayan.

Sina Marx at Engels ay siyang unang nagbigay sa atin ng mga napakahusay na modelo ng ganitong kongkretong pagsusuri.

Nang gamitin nina Marx at Engels ang batas ng kontradiksyon sa mga bagay, sa pag-aaral ng prosesog sosyo-istoriko, natuklasan nila ang kontradiksyon ng mga pwersa sa produksyon at mga ugnayan sa produksyon, natuklasan nila ang kontradiksyon ng uring mapagsamantala at uring pinagsasamantalahan at ang ibinunga ring kontradiksyon ng batayang pang-ekonomya at super-istruktura nito (pulitika, ideolohiya, at iba pa),

at natuklasan nila kung paano tiyak na nauwi ang mga kontradiksyong ito sa iba't ibang klase ng rebolusyong panlipunan sa iba't ibang klase ng lipunang may-uri.

Nang gamitin ni Marx ang batas na ito sa pag-aaral ng istrukturang pang-ekonomya ng lipunang kapitalista, natuklasan niya na ang saligang kontradiksyon sa lipunang ito ay ang kontradiksyon ng sosyal na katangian ng produksyon at pribadong katangian ng pag-aari. Ang kontradiksyong ito ay nakikita sa kontradiksyon ng organisadong katangian ng produksyon sa mga indibidwal na empresa at anarkistang katangian ng produksyon sa buong lipunan. Sa ugnayan ng mga uri, nakikita ito sa kontradiksyon ng burgesya at proletaryado.

Palibhasa'y malawak ang saklaw ng mga bagay at walang hangganan ang kanilang pag-unlad, ang isang bagay na unibersal sa isang kalagayan ay nagiging partikular sa isa pang kalagayan. Sa kabilang dako naman, ang isang bagay na partikular sa isang kalagayan ay maaaring maging unibersal sa isa pa. Ang kontradiksyon sa sistemang kapitalista sa pagitan ng sosyal na katangian ng produksyon at pribadong katangian ng pag-aari ng kasangkapan sa produksyon ay makikita sa lahat ng bayang umiiral at umuunlad ang kapitalismo; kung kapitalismo ang pag-uusapan, ito ang unibersalidad ng kontradiksyon. Datapwat ang kontradiksyong ito ng kapitalismo ay nabibilang lamang sa isang partikular na yugto ng kasaysayan sa pangkalahatang pag-unlad ng lipunang may-uri; kung kontradiksyon ng mga pwersa sa produksyon at ugnayan sa produksyon sa lipunang may-uri ang pag-uusapan, ito ang partikularidad ng kontradiksyon. Gayunman, sa pagsasaliksik sa partikularidad ng lahat ng kontradiksyong ito sa lipunang kapitalista, nagbigay si Marx ng isang higit na malalim, higit na nakasasapat at higit na kumpletong pagpapaliwanag sa unibersalidad ng kontradiksyon ng mga pwersa sa produksyon at mga ugnayan sa produksyon ng mga lipunang may-uri sa pangkalahatan.

Sapagkat ang partikular ay kaisa ng unibersal at sapagkat ang unibersalidad at partikularidad ay likas sa alinmang bagay, may partikularidad sa unibersalidad, dapat nating sikaping matuklasan sa ating pag-aaral ng isang bagay kapwa ang partikular at ang unibersal at ang kanilang pag-uugnayan, matuklasan kapwa ang partikularidad at unibersalidad at ang kanilang pag-uugnayan sa mismong bagay, at matuklasan ang pakikipag-uugnayan ng bagay na ito sa maraming bagay sa labas nito. Nang ipaliwanag ni Stalin ang mga pangkasaysayang ugat ng Leninismo sa kanyang bantog na akda, Ang Mga Pundasyon ng Leninismo, kanyang sinuri ang pandaigdig na kalagayang pinaglitawan ng Leninismo,

sinuri ang mga kontradiksyon ng kapitalismo na sumapit sa kasukdulan sa imperyalismo, at ipinakita kung paanong dahil sa mga kontradiksyong ito ay naging dapat kagyat na isagawa ang rebolusyong proletaryo at nalikha ang paborableng kalagayan para sa isang tuwirang pagsalakay sa kapitalismo. Bukod dito, sinuri pa niya ang mga dahilan kung bakit ang Rusya ang naging duyan ng Leninismo, kung bakit ang tsaristang Rusya ang naging sentro ng lahat ng kontradiksyon ng imperyalismo, at kung bakit naging posible na ang proletaryadong Ruso ang naging pangunahing taliba ng rebolusyonaryong proletaryado ng daigdig. Kaya, sinuri ni Stalin ang unibersalidad ng kontradiksyon sa imperyalismo, kanyang ipinakita kung bakit ang Leninismo ang Marxismo sa panahon ng imperyalismo at rebolusyong proletaryo, at kaalinsabay nito'y kanyang sinuri ang partikularidad ng imperyalismo ng tsaristang Rusya sa loob ng pangkalahatang kontradiksyong ito, ipinakita kung bakit sa Rusya sumilang ang teorya at taktika ng rebolusyong proletaryo at kung paano ang unibersalidad ng kontradiksyon ay taglay ng partikularidad na ito. Ipinakita sa atin ng pagsusuri ni Stalin ang isang modelo upang maunawaan ang partikularidad at ang unibersalidad ng mga kontradiksyon at ang mga pagkakaugnay-ugnay nito.

Hinggil sa paggamit ng diyalektika sa pag-aaral ng obhetibong pangyayari, laging sinasabi sa mga mamamayan nina Marx at Engels, at maging nina Lenin at Stalin na kailanma'y huwag maging suhetibo at arbitraryo, kundi magsimula sa mga kongkretong kalagayan sa aktuwal na obhetibong paggalaw ng mga pangyayari upang matuklasan ang kanilang mga kongkretong kontradiksyon, ang kongkretong posisyon ng bawat aspeto ng bawat kontradiksyon at ang kongkretong pagkakaugnay-ugnay ng mga kontradiksyon. Walang ganitong aktitud ang ating mga dogmatista sa kanilang pag-aaral kaya hindi nila masapol nang wasto ang mga bagay-bagay. Kailangang maging babala na sa atin ang kanilang mga kamalian at mag-aral tayong magkaroon ng ganitong aktitud na siyang tanging wastong aktitud sa pag-aaral.

Ang kaugnayan ng unibersalidad at partikularidad ng kontradiksyon ay kaugnayan ng pangkalahatang katangian at indibidwal na katangian ng kontradiksyon. Ang una ay nangangahulugang may kontradiksyon sa lahat ng proseso at ito'y umiiral sa simula hanggang katapusan; ang paggalaw, mga bagay, mga proseso, pag-iisip -- lahat ay pawang mga kontradiksyon. Ang pagtatwa sa kontradiksyon ay pagtatwa na rin sa lahat ng bagay. Ito ay isang unibersal na katotohanan sa lahat ng sandali at sa lahat ng mga bayan, at dito'y walang eksepsyon. Kayat naririyang ang pangkalahatang katangian, ang pagka-absoluto ng kontradiksyon. Datapwat ang pangkalahatang katangiang ito ay napapaloob sa bawat indibidwal na

katangian; kung walang indibidwal na katangian ay walang pangkalahatang katangian. Kapag aalisin ang lahat ng indibidwal na katangian, ano pang pangkalahatang katangian ang matitira? Sapagkat partikular ang bawat kontradiksyon kaya nagkakaroon ng indibidwal na katangian. Lahat ng indibidwal na katangian ay umiiral nang pasubali at pansamantala, kaya ang mga ito'y relatibo.

Ang katotohanang ito tungkol sa pangkalahatan at indibidwal na katangian, tungkol sa pagiging absoluto at relatibo, ay siyang pinakabuod ng suliranin ng kontradiksyon sa mga bagay; kung hindi ito unawain ay para na ring tinalikdan ang diyalektika.

#### IV. Ang Prinsipal na Kontradiksyon at ang Prinsipal na Aspeto ng Isang Kontradiksyon

May dalawang punto pa sa suliranin hinggil sa partikularidad ng kontradiksyon na dapat tukuyin para sa pagsusuri, ito'y ang prinsipal na kontradiksyon at ang prinsipal na aspeto ng isang kontradiksyon.

Maraming kontradiksyon sa proseso ng pag-unlad ng isang masalimuot na bagay at isa sa kanila, mangyari pa, ay ang prinsipal na kontradiksyon na ang pag-iral at pag-unlad nito ang siyang nagtatakda o umiimpluwensya sa pag-iral at pag-unlad ng ibang mga kontradiksyon.

Halimbawa, sa isang kapitalistang lipunan, ang proletaryado at ang burgesy, ang dalawang pwersa ng kontradiksyon, ay siyang bumubuo ng prinsipal na kontradiksyon. Ang iba pang kontradiksyon, katulad ng kontradiksyon ng nalalabing uring pyudal at ng burgesy, ng peti-burgesyang magsasaka at ng burgesy, ng proletaryado at petiburgesyang magsasaka, ng di-monopolyo at monopolyong mga kapitalista, ng demokrasyang burges at pasismong burges, sa hanay ng mga kapitalistang bayan, at sa pagitan ng imperyalismo at mga kolonya, ay pawang itinatakda o naiimpluwensyahan ng prinsipal na kontradiksyong ito.

Sa isang mala-kolonyal na bayang gaya ng Tsina, ang ugnayan ng prinsipal na kontradiksyon at mga di-prinsipal na kontradiksyon ay isang masalimuot na larawan.

Kapag ang imperyalismo ay naglunsad ng isang digmaang pananalakay

sa isang bayang tulad nito, lahat ng mga uri dito, maliban sa ilang traydor, ay maaaring pansamantalang magkaisa para sa pambansang digmaan laban sa imperyalismo. Sa panahong ito, ang kontradiksyon sa pagitan ng imperyalismo at ng bayang kinauukulan ang siyang prinsipal na kontradiksyon, samantalang ang lahat ng mga kontradiksyon sa hanay ng iba't ibang uri sa loob ng bayan (kasama na rito ang dating prinsipal na kontradiksyon ng sistemang pyudal at malawak na masa ng sambayanan) ay pansamantalang nagiging pangalawa lamang. Ganito ang naganap sa Tsina sa Digmaang Opyo ng 1840,[19] sa Digmaang Tsino-Hapon ng 1894 at sa Digmaang Yi Ho Tuan ng 1900, at gayundin sa kasalukuyang Digmaang Tsino-Hapones.

Subalit sa ibang kalagayan, ang mga kontradiksyon ay nagbabago ng posisyon. Kapag pinanatili ng imperyalismo ang kanyang pang-aapi hindi sa pamamagitan ng digmaan kundi sa mas maamong pamamaraan -- pampulitika, pang-ekonomya at pangkultura -- ang mga naghaharing uri sa mga bansang mala-kolonyal ay sumusuko sa imperyalismo at ang dalawa'y nagbubuo ng isang alyansa para magkasamang apihin ang masa ng sambayanan. Sa ganitong panahon, ang masa ay karaniwan nang gumagamit ng digmaang sibil laban sa alyansa ng imperyalismo at mga uring pyudal, samantalang ang imperyalismo naman ay karaniwan nang gumagamit ng mga di-tuwirang pamamaraan sa halip na tuwirang aksyon upang matulungan ang mga reaksyunaryo sa mga mala-kolonyal na bayan sa pang-aapi sa mamamayan, at sa gayon ay umiigting ang mga kontradiksyong panloob. Ganito ang nangyari sa Tsina noong Rebolusyonaryong Digmaan ng 1911, sa Rebolusyonaryong Digmaan ng 1924-27 at sa sampung-taong Rebolusyonaryong Digmaang Agraryo pagkaraan ng 1927. Kabilang sa kategoryang ito ang mga digmaan ng iba't ibang reaksyunaryong pangkat sa mga bansang mala-kolonyal, halimbawa'y ang mga digmaan ng mga panginoong militar sa Tsina.

Kapag ang rebolusyonaryong digmaan ay humantong sa isang puntong isinasapanganib na nito ang mismong buhay ng imperyalismo at ng mga tuta nitong katutubong reaksyunaryo, karaniwang ginagamit ng imperyalismo ang iba pang paraan upang mapanatili ang kanyang paghahari; maaaring subukin nitong hatiin ang rebolusyonaryong prente mula sa loob o kaya'y ipadala ang mga sandatahang pwersa upang tuwirang tulungan ang mga katutubong reaksyunaryo. Sa ganitong panahon, ang imperyalismong dayuhan at katutubong reaksyon ay lantarang nakatayo sa isang panig samantalang ang masa ng sambayanan naman ay nakatayo sa kabilang panig, at sa gayo'y bumubuo ng prinsipal na kontradiksyon na siyang nagtatakda o umiimpluwensya sa pag-unlad ng iba pang kontradiksyon. Ang pagtulong na ibinigay ng iba't ibang bayang kapitalista sa mga reaksyunaryong Ruso

pagkatapos ng Rebolusyong Oktubre ay isang halimbawa ng sandatahang panghihimasok. Ang pagtataksil ni Chiang Kai-shek noong 1927 ay isang halimbawa ng panghahati ng rebolusyong prente.

Ngunit anuman ang mangyari, walang alinlangan na sa bawat yugto ng pag-unlad ng isang proseso, mayroon lamang isang prinsipal na kontradiksyon na gumaganap ng nangungunang papel.

Samakatwid, kung maraming kontradiksyon sa alinmang proseso, isa sa mga ito ay dapat na maging prinsipal na kontradiksyon na gumaganap ng namumuno at mapagpasyang papel, samantalang ang iba ay pumapangalawa at napaiilalim lamang. Samakatwid, kung pag-aaralan ang alinmang masalimuot na proseso na may dalawa o higit pang kontradiksyon, kailangang pagsikapan nating tuklasin kung alin ang prinsipal na kontradiksyon nito. Sa sandaling masapol ang prinsipal na kontradiksyong ito, lahat ng suliranin ay madali nang malulutas. Ito ang paraang itinuro sa atin ni Marx sa kanyang pag-aaral sa lipunang kapitalista. Itinuro rin sa atin nina Lenin at Stalin ang paraang ito nang kanilang pag-aralan ang imperyalismo at ang pangkalahatang krisis ng kapitalismo at nang kanilang pag-aralan ang ekonomyang Sobyet. Ito'y hindi maunawaan ng libu-libong iskolar at taong praktiko, at bunga nito'y parang natatakluban sila ng ulap at hindi matarok ang kaibuturan ng suliranin at mangyari pa'y hindi tuloy makatuklas ng paraan upang lutasin ang mga kontradiksyong ito.

Tulad ng nasabi na natin, hindi dapat ituring na magkakapantay ang lahat ng kontradiksyon sa isang proseso, sa halip ay dapat ibukod ang prinsipal sa mga sekundaryong kontradiksyon, at dapat pag-ukulan ng higit na pansin ang pagsapol sa prinsipal na kontradiksyon. Subalit sa anumang kontradiksyon, prinsipal man o sekundaryo, dapat bang ituring na magkapantay ang dalawang aspeto ng kontradiksyon? Hindi rin. Sa anumang kontradiksyon, ang pag-unlad ng magkasalungat na aspeto ay hindi pantay. Kung minsan, ang mga ito ay waring nasa ekilibriyum, subalit iyon ay pansamantala at relatibo lamang, habang ang di-pagkakapantay ang siyang saligan. Sa dalawang magkasalungat na aspeto, ang isa ay dapat na maging prinsipal at ang isa naman ay sekundaryo. Ang kalikasan ng isang bagay ay itinatakda pangunahin ng prinsipal na aspeto ng isang kontradiksyon, ang aspeto na nakakuha ng nangingibabaw na posisyon.

Subalit ang ganitong kalagayan ay hindi nakahinto; itinatransporma ng prinsipal at ng di-prinsipal na mga aspeto ng isang kontradiksyon ang kanilang mga sarili sa isa't isa at kaakibat nito'y nagbabago ang kalikasan ng bagay na iyon. Sa isang proseso o isang yugto sa pag-unlad



ng isang kontradiksyon, maaaring ang A ay prinsipal na aspeto at ang B ay di-prinsipal na aspeto; sa ibang yugto o ibang proseso ay maaaring nagbaligtaran ang mga posisyon -- isang pagbabagong nakasalalay sa idinagdag o ibinawas sa pwersa ng bawat aspeto sa pakikitunggali nito sa isa pang aspeto habang umuunlad ang isang bagay.

Malimit nating sabihing "ang bago'y humahalili sa luma." Ang paghalili ng bago sa luma ay isang pangkalahatan, walang hanggan at di-malalabag na batas ng sanlibutan. Ang pagbabago ng isang bagay tungo sa iba pang bagay sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng pag-igpaw alinsunod sa esensya nito at panlabas na mga kondisyon -- ito ang proseso ng paghalili ng bago sa luma. Sa bawat bagay ay may kontradiksyon ng mga bago at lumang aspeto nito, at ito ay nagbubunga ng sunud-sunod na tunggaliang maraming paliku-liko. Bunga ng mga tunggaliang ito, ang bagong aspeto ay nagbabago mula sa pagiging minor tungo sa pagiging mayor at umaangat sa pagka-pangunahin, habang ang lumang aspeto ay nagbabago mula sa pagiging mayor tungo sa pagiging minor at unti-unting naglalaho. At sa sandaling mangibabaw ang bagong aspeto sa luma, ang lumang bagay ay nagbabago ng kalidad at nagiging bagong bagay. Kaya, makikitang ang kalikasan ng isang bagay ay pangunahing itinatakda ng prinsipal na aspeto ng kontradiksyon, ang aspetong nakapangingibabaw. Kapag nagbago ang prinsipal at nakapangingibabaw na aspeto, nagbabago rin ang kalikasan ng isang bagay.

Sa kapitalistang lipunan, ang kapitalismo ay nagbago ng kalagayan mula sa pagiging isang sekundaryong pwersa sa lumang kapanahunang pyudal tungo sa pagiging isang nangingibabaw na pwersa, kaya't ang kalikasan ng lipunan ay nagbago na rin mula sa pagiging pyudal tungo sa pagiging kapitalista. Sa bagong panahon ng kapitalismo, ang pwersang pyudal ay nagbago mula sa dating nangingibabaw na kalagayan tungo sa isang napailalim na kalagayan, at ito'y unti-unting namamatay. Gayon ang nangyari halimbawa sa Britanya at Pransya. Sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, ang burgesyang sa simula ay isang bagong uring may progresibong papel ay nagiging isang lumang uring may reaksyonaryong papel, hanggang sa ito'y tuluyang ibagsak ng proletaryado at maging isang uring binawian ng mga pribadong kasangkapan sa produksyon at inalisan ng kapangyarihan, at ito'y unti-unting namamatay. Ang proletaryado, na higit na marami kaysa burgesya at kasabay nitong yumabong sa ilalim ng paghahari nito, ay isang bagong pwersa na sa simula'y napapailalim sa burgesya, unti-unting lumalakas, nagiging isang nagsasariling uri na may namumunong papel sa kasaysayan, at sa wakas ay aagaw ng kapangyarihang pampulitika at siyang magiging naghaharing uri. Pagsapit nito, ang kalikasan ng lipunan ay nagbabago at ang lumang

lipunang kapitalista ay nagiging bagong lipunang sosyalista. Ito ang landas na tinalunton na ng Unyong Sobyet, isang landas na di maiwasang tataluntunin ng lahat ng bansa.

Tignan ang halimbawa ng Tsina. Imperyalismo ang may pangunahing posisyon sa isang kontradiksyong ang Tsina ay nasadlak sa pagiging mala-kolonyal. Sinisiil nito ang sambayanang Tsino, at mula sa pagiging nagsasariling bansa, ang Tsina ay naging mala-kolonyal. Subalit tiyak na magbabago ang ganitong kalagayan; sa tunggalian ng magkabilang panig, ang kapangyarihan ng sambayanang Tsino na lumalaki sa pamumuno ng proletaryado ay di-maiwasang babago sa Tsina mula sa pagiging mala-kolonyal tungo sa pagiging nagsasariling bayan, samantalang ang imperyalismo ay ibabagsak at ang lumang Tsina ay di-maiwasang magiging Bagong Tsina.

Ang pagbabago ng lumang Tsina tungo sa Bagong Tsina ay nangangahulugan din ng pagbabago ng relasyon ng lumang pwersang pyudal at bagong pwersa ng mamamayan sa loob ng bansa. Ang dating uri ng pyudal na panginoong maylupa ay ibabagsak at, mula sa pagiging naghahari nito ay magiging pinaghaharian; at ang uring ito ay unti-unti ring mamamatay. Mula sa pagiging pinaghaharian, ang sambayanang pinamumunuan ng proletaryado ang siyang maghahari. Pagsapit nito, ang kalikasan ng lipunan ng Tsina ay magbabago at ang lumang lipunang mala-kolonyal at mala-pyudal ay magiging isang bagong lipunang demokratiko.

Ang mga halimbawa ng ganitong magkatugong pagbabago ay makikita sa ating nakaraang karanasan. Ang Dinastiyang Ching na naghari sa Tsina sa loob ng halos tatlong dantaon ay ibinagsak sa Rebolusyon ng 1911, at ang rebolusyonaryong Tung Meng Hui sa pamumuno ni Sun Yat Sen ay nagtagumpay sumandali. Sa Digmaang Rebolusyonaryo ng 1924-27, ang rebolusyonaryong pwersa ng alyansang Komunista-Kuomintang sa timog ay lumakas mula sa pagiging mahina at nagkamit ng tagumpay sa Ekspedisyon sa Hilaga, samantalang naibagsak naman ang dating naghaharing mga panginoong militar sa Hilaga. Noong 1927, ang pwersang bayan sa pamumuno ng Partido Komunista ay lubhang lumiit bunga ng pananalakay ng reaksyong Kuomintang, subalit sa pagkakapawi ng oportunismo sa sarili nitong hanay, ito'y unti-unting lumaki na naman. Sa mga rebolusyonaryong baseng nasa pamumuno ng Partido Komunista, ang dating pinaghahariang mga magsasaka ang siyang nakapaghari, samantalang ang dating mga panginoong maylupa ay nagkaroon ng kabaligtarang pagbabago. Ganito ang laging nangyayari sa daigdig, ang bago ay pumapalit sa luma, ang luma ay nahahalinhan ng bago, ang luma ay pinapalis upang magbigay-daan sa bago,

at ang bago ay sumusulpot mula sa luma.

May mga panahon sa rebolusyonaryong tunggalian na nakalalamang ang mga kahirapan kaysa mga paborableng kalagayan at sa gayo'y nagiging prinsipal na aspeto ng kontradiksyon at ang mga paborableng kalagayan ay nagiging sekundaryong aspeto. Subalit sa pamamagitan ng kanilang mga pagsisikap, makakaya ng mga rebolusyonaryo na mapangibabawan nang hakbang-hakbang ang mga kahirapan at mabubuksan ang isang paborableng kalagayan; anupa't ang kahirapan ay nagbibigay-daan sa paborableng kalagayan. Ito ang nangyari matapos ang kabiguan ang rebolusyon sa Tsina noong 1927 at sa panahon ng Mahabang Martsa ng Pulang Hukbo ng Tsina. Sa kasalukuyang Digmaang Tsino-Hapon, ang Tsina ay muling nasa mahirap na kalagayan, subalit maaari nating baguhin ito at pundamental na itransporma ang kalagayan sa pagitan ng Tsina at Hapon. Sa kabilang dako, ang mga paborableng kalagayan ay maaaring maging kahirapan kapag nagkamali ang mga rebolusyonaryo. Sa ganito nauwi sa kabiguan ang tagumpay ng rebolusyon noong 1924-27. Ang mga rebolusyonaryong baseng lumitaw sa mga lalawigan sa timog pagkaraan ng 1927 ay pawang nagdanas ng pagkatalo pagsapit ng 1934.

Kapag tayo'y nag-aral, gayundin ang nangyayari sa kontradiksyon sa pagbabago mula sa kamangmangan tungo sa kaalaman. Sa simula ng ating pag-aaral ng Marxismo, ang ating kamangmangan o bahagyang kaalaman sa Marxismo ay kasalungat ng kaalaman sa Marxismo. Subalit sa pamamagitan ng masikhay na pag-aaral, ang kamangmangan ay maaaring maging kaalaman, ang bahagyang kaalaman ay maaaring maging sapat na kaalaman, at ang bulag na paggamit ng Marxismo ay maaaring maging pagiging bihasa sa paggamit nito.

May mga taong naniniwala na ito ay hindi totoo sa ibang kontradiksyon. Halimbawa, sa kontradiksyon ng mga pwersa sa produksyon at mga relasyon sa produksyon, ang mga pwersa sa produksyon ay siyang prinsipal na aspeto; sa kontradiksyon ng teorya at praktika, ang praktika ang siyang prinsipal na aspeto; sa kontradiksyon ng baseng pang-ekonomya at super-istruktura, ang baseng pang-ekonomya ang siyang prinsipal na aspeto; at walang pagbabago sa kani-kanilang posisyon. Ito ay mekanikal na materyalistang palagay, hindi diyalektikong materyalistang palagay. Totoo ngang sa pangkalahatan ay prinsipal at mapagpasya ang mga pwersa sa produksyon, praktika at baseng pang-ekonomya, sinumang magtatwa nito ay hindi isang materyalista. Subalit dapat ding tanggapin na sa ilang kalagayan, ang mga aspeto na tulad ng mga relasyon sa produksyon, teorya at superistruktura ay nagiging prinsipal at mapagpasya kapag hindi na maaaring umunlad ang mga

pwera sa produksyon nang walang pagbabago sa mga ugnayan sa produksyon, ang pagbabago sa mga ugnayan sa produksyon ay siyang prinsipal at mapagpasya. Ang paglikha at pagtataguyod ng mga teoryang rebolusyonaryo ay siyang prinsipal at mapagpasya sa mga panahon na kung saan ay sinabi ni Lenin na "Walang kilusang rebolusyonaryo kung walang teoryang rebolusyonaryo." Kung may anumang dapat gawin at walang linyang pamatnubay, sistema plano o patakaran, ang prinsipal at mahalagang bagay ay pagpasyahan muna ang linyang pamatnubay, sistema plano o patakaran. Kapag ang super-istruktura (pulitika, kultura, atbp.) ay pumipigil sa pag-unlad ng baseng pang-ekonomya, ang mga pagbabagong pampulitika at pangkultura ay siyang nagiging prinsipal at mapagpasya. Tayo ba'y sumasalungat sa materyalismo kapag sinabi natin ito? Hindi. Bagama't kinikilala natin na sa pangkalahatang pag-unlad ng kasaysayan ang materyal ang siyang nagpapasya sa kaisipan at ang katauhang panlipunan ay siyang nagpapasya sa kamalayang panlipunan, kinikilala rin natin -- at marapat naman -- ang reaksiyon ng kaisipan sa mga bagay na materyal, ng kamalayang panlipunan sa katauhang panlipunan at ng super-istruktura sa baseng pang-ekonomya. Ito ay hindi salungat sa materyalismo, manapa'y iniwasan nito ang mekanikal na materyalismo at matatag na itinataguyod ang diyalektikong materyalismo.

Sa pag-aaral ng partikularidad ng kontradiksyon, kung hindi natin susuriin ang dalawang aspetong ito -- ang prinsipal at ang di-prinsipal na kontradiksyon sa isang proseso, at ang prinsipal at ang di-prinsipal na aspeto ng isang kontradiksyon -- alalaong baga'y kung hindi natin susuriin ang magkaibang katangian ng dalawang mukhang ito ng kontradiksyon, tayo'y mababaon sa mga abstraksyon, hindi natin mauunawaan ang kontradiksyon ng kongkreto at sa gayo'y hindi makatutuklas ng tamang paraan ng paglutas nito. Ang pagkakaiba ng katangian o partik- ularidad ng dalawang aspetong ito ng kontradiksyon ay naglalarawan ng di-pagkakapantay-pantay ng mga pwersang nagsasalungatan. Walang bagay sa daigdig na ganap na sumusulong nang pantay-pantay; dapat nating bakahin ang teorya ng pantay na pagsulong o ang teorya ng ekilibrum. Isa pa, ang mga kongkretong katangiang ito ng isang kontradiksyon at ang mga pagbabago ng prinsipal at di-prinsipal na mga aspeto ng isang kontradiksyon habang ito'y umuunlad ay siyang nagpapakita ng lakas ng bago na humahalili sa luma. Ang pag-aaral ng iba't ibang kalagayan ng di-pagkakapantay-pantay ng mga kontradiksyon, ng mga prinsipal at mga di-prinsipal na kontradiksyon, at ng prinsipal at di-prinsipal na mga aspeto ng isang kontradiksyon ay siyang mahalagang paraan upang tumpak na mapagpasyahan ng isang rebolusyonaryong partidong pampulitika ang mga patakarang

pang-istratehiya at pantaktika nito sa mga gawaing pampulitika at pangmilitar. Kailangang bigyang-pansin ito ng lahat ng Komunista.

#### V. Ang Identidad at Tunggalian ng mga Aspeto ng Isang Kontradiksiyon

Kapag naunawaan na natin ang unibersalidad at partikularidad ng kontradiksiyon, dapat naman nating pag-aralan ang suliranin hinggil sa identidad at tunggalian ng mga aspeto ng isang kontradiksiyon.

Ang identidad, kaisahan, pagsasabayan, pagsasaniban, paglalangkapan, pagsasaligan (o pagsasaligan upang mabuhay), pag-uugnayan o pagtutulungan -- lahat ng katawagang ito ay iisa ang kahulugan at tumutukoy sa sumusunod na dalawang punto: una, ang pag-iral ng bawat isa sa dalawang aspeto ng isang kontradiksiyon sa pag-unlad ng isang bagay ay nangangahulugan ng pag-iral ng katugong aspeto, at ang dalawang aspeto ay sabay na umiiral sa iisang bagay; ikalawa, sa tiyak na mga kalagayan, bawat isa sa dalawang nagtutunggaliang aspeto ay nagbabago upang maging kanyang kasalungat. Ito ang kahulugan ng identidad.

Wika ni Lenin:

Ang diyalektika ay nagtuturo kung paanong ang mga magkasalungat ay maaari at kung paanong ang mga ito ay nangyayaring (kung paanong ang mga ito ay nagiging) magkatulad -- sa anong mga kalagayan nagkakatulad ang mga ito at nagbabago sa isa't isa -- at kung bakit dapat isipin ng tao ang mga magkasalungat na ito, hindi bilang patay at matitigas kundi bilang buhay, kondisyonal, kumikilos, at nagbabago sa isa't isa.(22)

Ano ang kahulugan ng talatang ito?

Ang mga magkasalungat na aspeto sa bawat proseso ay nagbubukuran, nagtutunggalian at nagkakasalungatan. Lahat ng ito ay nasa proseso ng pag-unlad ng lahat ng bagay at nasa lahat ng isipang ng tao. Ang isang simpleng proseso ay naglalaman ng isa lamang pares na magkasalungat, samantalang ang isang masalimuot na proseso ay naglalaman ng higit pa. At ang mga pares ng magkasalungat naman ay sumasalungat sa isa't isa. Ganito ang pagkakabuo at pagkilos ng lahat ng bagay sa obhetibong daigdig at ng lahat ng kaisipan ng tao.

Kung gayon, walang ganap na identidad o kaisahan. Paano ngayon masasabing may identidad o kaisahan?

Ang totoo'y walang kasalungat na aspeto ang maaaring umiral nang mag-isa. Kung wala ang magkasalungat na aspeto, ang bawat isa'y mawawalan ng kondisyon ng pag-iral. Isipin na lang, maaari bang umiral nang nagsasarili ang alinman sa kasalungat na aspeto ng isang bagay o ng isang idea? Kung walang buhay, walang kamatayan; kung walang kamatayan, walang buhay. Kung walang "itaas", walang "ibaba", kung walang "ibaba", walang "itaas". Kung walang malas, walang suwerte; kung walang suwerte, walang malas. Kung walang ginhawa, walang hirap; kung walang hirap, walang ginhawa. Kung walang panginoong maylupa, walang kasamang-magsasaka; kung walang kasamang-magsasaka, walang panginoong maylupa. Kung walang burgesya, walang proletaryado; kung walang proletaryado, walang burgesya. Kung walang imperyalistang pang-aapi ng mga bansa, walang mga kolonya o mala-kolonya; kung walang kolonya o mala-kolonya, walang imperyalistang pang-aapi ng mga bansa. Gayon ang nangyayari sa lahat ng magkasalungat; sa mga tiyak na kalagayan, ang mga ito ay magkasalungat sa isang dako at nagkakaugnayan, nagsasaniban, naglalangkapan, nagsasaligan sa kabilang dako, at ang katangiang ito ang tinatawag na identidad. Sa mga tiyak na kalagayan, ang lahat ng magkasalungat na aspeto ay may katangian ng di-pagkakatulad, kayat sinasabing nagtutunggalian. Ngunit taglay din nila ang identidad kayat nagkakaugnayan. Ito ang kahulugan ng sinabi ni Lenin na ang diyalektika ay nag-aaral "kung paanong ang mga magkasalungat ay maaaring magkaisa". Kung gayo'y ano't maaari silang magkaisa? Sapagkat ang isa ay kondisyon ng pag-iral ng isa. Ito ang unang kahulugan ng identidad.

Ngunit sapat na bang sabihin lamang na ang bawat isa sa magkasalungat na aspeto ay siyang kondisyon sa pag-iral ng kanyang katugon, na may identidad na namamagitan sa dalawa, at sa gayo'y maaari silang sabay na umiral sa isang bagay? Hindi, ito'y hindi sapat. Ito'y hindi natatapos sa pagsalig ng isa sa isa upang mabuhay; ang higit na mahalaga ay ang pagbabago sa isa't isa. Ito'y nangangahulugang sa tiyak na mga kalagayan, ang bawat isa sa magkasalungat na aspeto sa loob ng isang bagay ay nagbabago tungo sa kasalungat, at nagbabago ng katayuan tungo sa katayuan ng kasalungat. Ito ang pangalawang kahulugan ng identidad ng kontradiksiyon.

Bakit mayroon ding identidad dito? Tingnan ninyo, sa pamamagitan ng rebolusyon, ang dating pinaghahariang proletaryado ay nagbabago't siyang nagiging naghahari, samantalang ang dating naghaharing burgesya

ay nagiging pinaghaharian at nalalagay sa dating katayuan ng kanyang kasalungat. Ito'y nangyari na sa Unyong Sobyet at mangyayari rin sa buong daigdig. Kung walang pagkakaugnayan at pagkakatulad ng magkasalungat sa mga tiyak na kalagayan, paano mangyayari ang gayong pagbabago?

Ang Kuomintang na nagkaroon ng positibong papel sa isang yugto ng makabagong kasaysayang Tsino ay naging isang kontra-rebolusyonaryong partido pagkaraan ng 1927 dahil sa kanyang likas na katangian sa uri at dahil sa mga pang-aakit ng mga imperyalista (ito ang mga kondisyon); subalit ito ay napilitang makiisa sa paglaban sa Hapon dahil sa umiigting na kontradiksyon ng Tsina at Hapon at dahil sa patakaran ng nagkakaisang prente ng Partido Komunista (ito ang mga kondisyon). Ang mga bagay na nagsasalungatan ay nagbabago sa isa't isa, at dito makikita ang isang tiyak na identidad.

Ang ating rebolusyong agraryo ay naging isang proseso na kung saan ang uring panginoong maylupa na nagmamay-ari ng mga lupa ay nagiging isang uring nawalan ng lupa, samantalang ang mga magsasakang dati'y nawalan ng lupa ay nagiging maliit na may-arang nagkakaroon ng lupa, at ito ay prosesong muling magaganap. Sa mga tiyak na kalagayan, ang pagkakaroon at di-pagkakaroon, ang pagkakamit at pagkakawala ay magkakawing; may identidad sa dalawang panig. Sa sosyalismo, ang pribadong pagmamay-ari ng mga magsasaka ay nagiging pagmamay-arang publiko ng sosyalistang magsasaka. Ito ay naganap na sa Unyong Sobyet at magaganap din sa lahat ng dako. May tulay na nag-uugnay sa pag-aaring pribado tungo sa pag-aaring publiko, na sa pilosopiya ay tinatawag na identidad, o pagbabago sa isa't isa, o pagsasaniban.

Ang pagpapatatag sa diktadura ng proletaryado o diktadura ng sambayanan sa katunayan ay isang paghahanda ng mga kalagayan upang mapawi ang diktadurang ito at makasulong tungo sa higit na mataas na yugtong naaalisan na ang lahat ng sistemang pang-estado. Ang pagtatatag at pagtatayo ng Partido Komunista sa katunayan ay isang paghahanda ng mga kalagayan upang mapawi ang Partido Komunista at lahat ng partidong pampulitika. Ang pagtatayo ng isang rebolusyonaryong hukbo sa pamumuno ng Partido Komunista at ang pagsasagawa ng digmaang rebolusyonaryo sa katunayan ay isang paghahanda ng mga kalagayan upang tuluyan nang mapawi ang digmaan. Ang mga magkasalungat na ito ay nagkakatugma rin.

Ang digmaan at kapayapaan, tulad ng alam ng lahat, ay nagbabago sa isa't isa. Ang digmaan ay nagiging kapayapaan; halimbawa, ang Unang Digmaang Pandaigdig ay naging kapayapaan matapos ang digma, at ang

digmaang sibil sa Tsina ay tumigil na at nagbibigay-daan sa panloob na kapayapaan. Ang kapayapaan ay nagiging digmaan; halimbawa, ang pagtutulungang Kuomintang-Partido Komunista ay naging digmaan noong 1927, at ang kasalukuyang kalagayan ng kapayapaang pandaigdig ay maaaring maging pangalawang digmaang pandaigdig. Bakit ganito? Sapagkat sa isang lipunang may uri, ang mga bagay na magkasalungat na tulad ng digmaan at kapayapaan ay may identidad sa tiyak na mga kalagayan.

Lahat ng bagay na magkasalungat ay magkaugnay; ang mga ito'y hindi lamang sabay na umiiral sa isang bagay sa mga tiyak na kalagayan, kundi nagbabago rin sa isa't isa sa iba pang kalagayan. Ito ang buong kahulugan ng identidad ng mga magkasalungat. Ito ang ibig sabihin ni Lenin nang talakayin niya "kung paanong ang mga ito ay nangyayaring (kung paanong ang mga ito ay nagiging) magkatulad -- sa anong mga kalagayan nagkakatulad ang mga ito at nagbabago sa isa't isa".

Bakit "dapat isipin ng tao ang mga magkasalungat na ito, hindi bilang patay at matitigas kundi bilang buhay, kondisyonal, kumikilos, at nagbabago sa isa't isa?" Sapagkat ganito talaga umiiral ang mga bagay sa obhetibong kalagayan. Ang totoo, ang pagkakaisa o identidad ng mga magkasalungat sa mga obhetibong bagay ay hindi patay o matitigas, bagkus ay buhay, kondisyonal, kumikilos, pansamantala at relatibo; sa tiyak na mga kalagayan, ang bawat kasalungat na aspeto ay nagiging ang kanyang kasalungat. Kapag nasapol ito ng isipan ng tao, ito ay nagiging Marxistang pananaw na materyalistang diyalektika. Ang mga reaksyonaryong naghaharing uri lamang noon at ngayon at ang mga metapisikong naglilingkod sa kanila ang tumitingin sa mga bagay hindi bilang buhay, kondisyonal, kumikilos, pansamantala at relatibo kundi patay at matitigas, at ipinalalaganap nila ang ganitong kamalian sa lahat ng dako upang linlangin ang masa at mapanatili ang kanilang paghahari. Ang tungkulin ng mga Komunista ay ilantad ang mga kamalian ng mga reaksyonaryo at metapisiko, palaganapin ang diyalektikong likas sa mga bagay nang sa gayo'y mapabilis ang pagbabago ng mga bagay at matamo ang layunin ng rebolusyon.

Sa pagtalakay natin sa identidad ng mga magkasalungat sa tiyak na mga kalagayan, tinutukoy natin ang tunay at kongkretong magkasalungat at ang tunay at kongkretong pagbabago ng mga magkasalungat sa isa't isa. Napakaraming pagbabago sa mitolohiya, halimbawa'y ang pakikipaghabulan ni Kua Fu sa araw sa Shan Hai Ching,(23) ang pagtudla ni Yi sa siyam na araw sa Huai Nan Tzu,(24) ang pitumpu't dalawang pagbabagong-anyo ni Haring Unggoy sa Hsi Yu Chi,(25), ang maraming pangyayari ng



pagkakatawang-tao ng mga muldo at lobo sa Mga Kuwento ng Kababalaghan ni Liao Chai,(26) atbp. Subalit ang mga maalamat na pagbabagong ito ng mga magkasalungat ay hindi kongkretong pagbabago na nagpapakita ng mga kongkretong kontradiksyon. Ang mga ito'y pagbabagong walang muwang, kathang-isip at guniguning nalilikha sa isipan ng tao ng napakaraming tunay at masalimuot na pagbabago ng mga magkasalungat sa isa't isa. Sinabi ni Marx, "Dinadaig, pinangingibabawan at hinuhubog ng lahat ng mitolohiya ang mga pwersa ng kalikasan sa imahinasyon at sa pamamagitan ng imahinasyon, kayat ito'y naglalaho sa sandaling masupil ng tao ang mga pwersa ng kalikasan."(27) Ang di-mabilang na pagbabagong-anyo sa mitolohiya (at maging sa mga kuwentong pambata) ay kinalulugdan ng mga tao dahil sa inilalarawan ng mga ito sa imahinasyon ang paggahis ng tao sa mga pwersa ng kalikasan, at ang pinakamahasag na alamat ay yaong may "walang-hanggang halina", gaya ng pagkakasabi ni Marx; datapwat ang mga alamat ay hindi hinango sa mga kongkretong kontradiksyong umiiral sa mga tiyak na kalagayan at kung gayo'y hindi mga siyentipikong salamin ng katotohanan. Ito'y nangangahulugang ang mga aspeto ng kontradiksyon sa mga alamat o kuwentong pambata ay mayroon lamang identidad na likhang-isip at hindi kongkretong identidad. Ang siyentipikong pagpapakita ng identidad sa tunay na mga pagbabagong-anyo ay ang Marxistang diyalektika.

Bakit ang isang itlog, at hindi ang isang bato, ang maaaring maging sisiw? Bakit may identidad ang digmaan at kapayapaan at wala naman ang digmaan at isang bato? Bakit tao lamang at hindi anupaman ang maaaring ipanganak ng tao? Ang tanging dahilan ay sapagkat ang identidad ng mga magkasalungat ay umiiral lamang sa mga kinakailangang takdang kalagayan. Kung wala ang mga kinakailangang takdang kalagayang ito, hindi maaaring magkaroon ng anumang identidad.

Sa Rusya, noong 1917, bakit tuwirang naiugnay ang burges-demokratikong rebolusyon ng Pebrero sa proletaryong sosyalistang Rebolusyon ng Oktubre, samantalang sa Pransya, ang rebolusyong burges ay hindi tuwirang naiugnay sa isang rebolusyong sosyalista at ang Komuna ng Paris noong 1871(28) ay hindi nagtagumpay? Sa kabilang dako naman, bakit tuwirang naiugnay sa sosyalismo ang sistemang nomadiko ng Mongolia at Gitnang Asya? Bakit maaaring iwasan ng rebolusyong Tsino ang isang kapitalistang hinaharap at tuwirang maiugnay ito sa sosyalismo nang hindi na tatahak sa lumang landas sa kasaysayan ng mga bayan sa Kanluran, nang hindi na magdaraan sa diktadurang burges? Ang tanging dahilan ay ang mga kongkretong kalagayan ng panahon. Kapag umiiral ang ilang kinakailangang kondisyon, lumilitaw ang ilang kontradiksyon sa proseso ng pag-unlad ng mga bagay at, bukod dito, ang mga magkasalungat

na taglay nito ay magkaugnay sa isa't isa at natatransporma sa isa't isa; kung hindi ganito'y hindi mangyayari ang anumang nabanggit.

Ganyan ang suliranin hinggil sa identidad. Ano ngayon ang tunggalian? At ano ang kaugnayan ng identidad sa tunggalian?

Sinabi ni Lenin:

Ang kaisahan (pagsasabayan, identidad, pantay na aksyon) ng mga magkasalungat ay kondisyonal, pansamantala, nagbabago at relatibo. Ang tunggalian ng nagbubukurang magkasalungat ay absoluto, katulad din ng pagiging absoluto ng pag-unlad at paggalaw.(29)

Ano ang ibig sabihin ng pangungusap na ito?

Lahat ng proseso ay may simula at wakas, lahat ng proseso ay natatransporma sa kanilang kabaligtaran. Ang di-pagbabago ng lahat ng proseso ay relatibo, datapwat ang pagbabagong nakikita sa transpormasyon ng isang proseso sa isa pang proseso ay absoluto.

Dalawa ang kalagayan ng galaw sa lahat ng bagay, ang isa'y ang relatibong di-paggalaw at ang isa nama'y ang kapansin-pansing pagbabago. Kapwa ito sanhi ng tunggalian ng magkasalungat na elementong napapaloob sa isang bagay. Kapag ang bagay ay nasa unang kalagayan ng paggalaw, ito'y nagkakaroon lamang ng isang pagbabago sa kantidad at hindi sa kalidad, at bunga nito'y nagkakaroon ng panlabas na anyong di-gumagalaw. Kapag ang bagay na ito ay nasa ikalawang kalagayan ng galaw, ang pagbabago sa kanyang kantidad sa unang kalagayan ay nakaabot na sa kasukdulan at nagiging sanhi ng paglaho ng bagay na iyon bilang isang identidad at kapagkuwa'y nagaganap ang isang pagbabago sa kalidad, kung kayat nagkakaroon ng kapansin-pansing pagbabago. Ang kaisahan, pagsasama-sama, kombinasyon, pagkakasundo, pagkakatimbang, pagkakapatas, pagkakatabla, di-paggalaw, pagiging palagian, ekilibriyo, pagkabuo, atraksyon, atbp., gaya ng nakikita sa araw-araw na takbo ng buhay, ay pawang larawan ng mga bagay na nasa kalagayan ng pagbabago sa kantidad. Sa kabilang dako naman, ang paglaho ng kaisahan, alalaong baga'y ang pagkasira ng sinasabing pagsasama-sama, kombinasyon, pagkakasundo, pagkakatimbang, pagkakapatas, pagkakatabla, di-paggalaw, pagiging palagian, ekilibriyo, pagkabuo at atraksyon, at ang pagbabago ng mga ito tungo sa kanilang kasalungat ay pawang larawan ng bagay na nasa kalagayan ng pagbabago sa kalidad, ng pagbabago ng isang proseso sa isa pang proseso. Patuloy na nagbabago ang mga bagay mula sa una tungo sa

ikalawang kalagayan ng galaw; patuloy ang tunggalian ng magkasalungat sa dalawang kalagayang ito ngunit ang kontradiksyon ay nalulutas sa ikalawang kalagayan. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi nating ang kaisahan ng magkasalungat ay kondisyonal, pansamantala at relatibo, samantalang ang tunggalian ng nagbubukurang magkasalungat ay absoluto.

Nang sinabi natin sa itaas na ang dalawang bagay na magkasalungat ay maaaring sabay na umiral sa iisang entidad at maaaring matransporma sa isa't isa bunga ng pagkakatulad nila, ang tinutukoy natin ay ang pagiging kondisyonal, ang ibig sabihi'y maaaring magkaisa at matransporma sa isa't isa ang dalawang magkasalungat na bagay sa mga takdang kalagayan, ngunit kung wala ang mga kalagayang ito, hindi sila maaaring mabuo sa isang kontradiksyon, hindi maaaring sabay na umiral sa isang entidad at hindi maaaring magbago sa isa't isa. Kaya natin sinasabing kondisyonal at relatibo ang identidad ay sapagkat nagaganap ang identidad ng mga magkasalungat sa mga takdang kalagayan lamang. Maaari pa nating idagdag na ang tunggalian ng magkasalungat ay natatagpuan sa simula hanggang sa katapusan ng isang proseso at nagiging sanhi ito upang ang isang proseso ay mapalitan ng panibago, na ang tunggaliang ito'y hindi patay at samakatwid ay di-kondisyonal at absoluto.

Ang kombinasyon ng kondisyonal, relatibong identidad at di-kondisyonal, absolutong tunggalian ang siyang bumubuo ng pagkilos ng mga magkasalungat sa lahat ng bagay.

Kadalasang sinasabi nating mga Tsino "Ang mga bagay na nagsasalungatan ay nag-uugmaan din."(30) Ang ibig sabihi'y may identidad ang mga bagay na magkasalungat. Ang kasabihang ito ay diyalektiko at salungat sa metapisika. Ang "nagsasalungatan" ay nangangahulugan ng pagbubukuran o tunggalian ng dalawang magkasalungat na aspeto. Ang "nag-uugmaan" ay nangangahulugan na sa mga tiyak na kalagayan ang dalawang magkasalungat na aspeto ay nagkakaisa at may identidad. Gayunma'y likas ang tunggalian sa identidad, at kung walang tunggalian ay walang identidad.

Sa identidad ay may tunggalian, sa partikularidad ay may unibersalidad, at sa indibidwal ay may pangkalahatan. Gaya ng sinabi ni Lenin "... may absoluto sa relatibo".(31)

## VI. Ang Lugar ng Antagonismo sa Kontradiksyon

Kabilang sa suliranin ng tunggalian ng mga magkasalungat ang suliranin kung ano ang antagonismo. Ito ang sagot: ang antagonismo ay isang anyo, ngunit hindi tanging anyo ng tunggalian ng mga magkasalungat.

Sa kasaysayan ng sangkatauhan, ang antagonismo ng mga uri ay umiiral bilang partikular na manipestasyon ng tunggalian ng mga magkasalungat. Halimbawa nito'y ang kontradiksyon ng mga mapagsamantalang uri at pinagsasamantalang uri. Ang mga magkasalungat na uring ito ay sabay na umiiral sa loob ng mahabang panahon sa iisang lipunan maging ito ay lipunang may alipin, lipunang pyudal o lipunang kapitalista, at ang mga ito'y nagtutunggalian; ngunit ang kontradiksyon ng dalawang uring ito ay saka lamang nagkakaanyo ng antagonismo at nagiging rebolusyon kapag ito'y nasa isang tiyak na yugto. Ito'y totoo rin sa pagbabago ng kapayapaan tungo sa digmaan sa lipunang may uri.

Ang isang bomba bago sumabog ay isang entidad na may mga magkasalungat na magkasamang umiiral sa tiyak na mga kalagayan. Nagaganap lamang ang pagsabog kapag may bagong kondisyon, ang ignisyon. Ganito rin ang nagaganap sa lahat ng pangyayari sa kalikasan na sa huli'y nag-aanyong hayag na tunggalian upang malutas ang mga lumang kontradiksyon at malikha ang mga bagong bagay.

Napakahalagang unawain natin ang katotohanang ito. Sa pamamagitan nito'y nauunawaan natin na ang rebolusyon at mga digmaang rebolusyonaryo ay hindi maiiwasan sa lipunang may uri at kung wala ang mga ito'y imposibleng matamo ang anumang igpaw sa pag-unlad ng lipunan at maibagsak ang mga reaksyonaryong naghaharing uri, at sa gayo'y imposibleng makamtan ng mga mamamayan ang kapangyarihang pampolitika. Kailangang ibunyag ng mga Komunista ang mapanlinlang na propaganda ng mga reaksyonaryo, katulad ng paggigiit na ang rebolusyon sa lipunan ay di-kinakailangan at imposible. Dapat nilang matatag na itaguyod ang Marxista-Leninistang teorya ng rebolusyong panlipunan at tulungan ang mga mamamayan na maunawaang ang rebolusyong panlipunan ay hindi lamang lubos na kinakailangan kundi maisasagawa rin, at ang buong kasaysayan ng sangkatauhan at tagumpay ng Unyong Sobyet ay nagpapatunay sa siyentipikong katotohanang ito.

Subalit tayo'y dapat magsagawa ng isang kongkretong pag-aaral sa mga kalagayan ng bawat partikular na tunggalian ng mga magkasalungat at hindi natin dapat ilapat nang walang pagsusuri ang mga nabanggit na

pormula sa lahat ng bagay. Ang kontradiksyon at tunggalian ay unibersal at absoluto, ngunit ang mga paraan ng paglutas ng mga kontradiksyon, o ng mga anyo ng tunggalian, ay nagkakaiba ayon sa pagkakaiba sa kalikasan ng mga kontradiksyon. May katangian ng hayag na antagonismo ang ilang kontradiksyon samantalang ang iba'y wala. Ayon sa kongkretong pag-unlad ng mga bagay, ang ilang kontradiksyon na dati-rati ay di-antagonistiko ay nagiging antagonistiko samantalang ang iba na dati-rati'y antagonistiko ay nagiging di-antagonistiko.

Tulad ng nabanggit na, habang may mga uri, ang kontradiksyon ng wasto at maling kaisipan sa Partido Komunista ay repleksyon sa loob ng Partido ng kontradiksyon ng mga uri. Hinggil sa ilang mga isyu, ang mga kontradiksyong ito ay maaaring hindi muna maging antagonistiko. Ngunit sa pag-unlad ng tunggalian ng mga uri, ang mga ito'y maaaring lumala at maging antagonistiko. Ipinakikita ng kasaysayan ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet na ang kontradiksyon ng wastong kaisipan nina Lenin at Stalin at maling kaisipan nina Trotsky,(32) Bukharin at iba pa, ay hindi muna nag-anyong antagonistiko ngunit di naglao'y naging antagonistiko. Nagkaroon din ng ganitong pangyayari sa kasaysayan ng Partido Komunista ng Tsina. Ang mga kontradiksyon ng wastong kaisipan ng ilang kasama sa Partido at maling kaisipan nina Chen Tu-hsiu, Chang Kuo-tao(33) at iba pa ay hindi muna naging antagonistiko ngunit di naglao'y nag-anyong antagonistiko. Sa kasalukuyan, ang kontradiksyon ng wasto at maling kaisipan sa ating Partido ay walang anyong antagonistiko, at kung maitutuwid ng mga kasamang nagkamali ang kanilang kamalian, ito'y hindi aabot sa antagonismo. Samakatwid, ang Partido sa isang banda ay kailangang maglunsad ng puspulang pakikibaka laban sa mga maling kaisipan at sa kabilang banda'y dapat bigyan ng sapat na pagkakataong magising ang mga kasamang nagkamali. Kung gayon, ang labis-labis na pakikitunggali ay malinaw na di-nababagay. Ngunit kung ipagpapatuloy at palalalain pa ng mga taong nagkamali ang kanilang kamalian, may posibilidad na umabot sa antagonismo ang kontradiksyong ito.

Sa ekonomya, ang kontradiksyon ng nayon at lunsod ay isang napaka-antagonistikong kontradiksyon sa lipunang kapitalista, na kung saan sa pamumuno ng burgesya ay walang-awang dinarabong ng lungsod ang kanayunan, gayundin sa mga lugar ng Kuomintang sa Tsina, na kung saan sa ilalim ng paghahari ng dayuhang imperyalismo at ng malaking burgesyang komprador na Tsino ay buong ganid na dinarabong ng lungsod ang kanayunan. Ngunit sa isang bayang sosyalista at sa ating mga rebolusyonaryong base, ang mga antagonistikong kontradiksyon ay naging di-antagonistiko na; at pagsapit ng lipunang Komunista, ito'y lubusang mawawala.

Sinabi ni Lenin, "Ang antagonismo at kontradiksyon kailanman ay hindi iisang bagay. Sa ilalim ng sosyalismo, ang una'y naglalaho at ang ikalawa'y mananatili."(34) Ang ibig sabihin nito, ang antagonismo ay isang anyo ngunit hindi tanging anyo ng tunggalian ng mga magkasalungat; ang pormula ng antagonismo ay hindi maaaring gamitin nang basta-basta kahit saan.

## VII. Kongklusyon

Magbibigay tayo ngayon ng ilang pangungusap bilang paglalahom. Ang batas ng kontradiksyon sa mga bagay, o ang batas ng kaisipan ng magkasalungat, ay siyang pundamental na batas ng kalikasan at ng lipunan, at kung gayo'y siya ring pundamental na batas ng kaisipan. Ito ay salungat sa metapisikong pananaw-sa-daigdig. Ito ay isang dakilang rebolusyon sa kasaysayan ng kaalaman ng tao. Ayon sa diyalektikong materyalismo, ang kontradiksyon ay nasa lahat ng proseso ng mga obhetibong bagay at ng suhetibong kaisipan at sumasaklaw sa lahat ng prosesong ito sa simula hanggang katapusan; ito ang pagiging unibersal o absoluto ng kontradiksyon. Ang bawat kontradiksyon at ang bawat aspeto nito ay may kani-kanyang katangian; ito ang pagiging partikular at relatibo ng kontradiksyon. Sa mga takdang kalagayan, may identidad ang mga magkasalungat, at bunga nito'y maaari silang sabay na manatili sa isang bagay at maaaring matransporma sa isa't isa; ito pa rin ang pagiging partikular at relatibo ng kontradiksyon. Ngunit walang tigil ang tunggalian ng mga magkasalungat, nagpapatuloy ito samantalang ang mga magkasalungat ay sabay na umiiral at natatransporma sa isa't isa, at lalong nagiging kapansin-pansin kapag sila'y natatransporma sa isa't isa; ito pa rin ang pagiging unibersal at pagiging absoluto ng kontradiksyon. Sa pag-aaral ng pagka-partikular at pagka-relatibo ng kontradiksyon, dapat nating bigyang-pansin ang pagkakaiba ng prinsipal na kontradiksyon at mga di-prinsipal na kontradiksyon at ang pagkakaiba ng prinsipal na aspeto at di-prinsipal na aspeto ng isang kontradiksyon; sa pag-aaral ng pagka-unibersal ng kontradiksyon at ng tunggalian ng magkasalungat sa kontradiksyon, dapat nating bigyang-pansin ang pagkakaiba ng mga anyo ng tunggalian. Kung hindi'y magkakamali tayo. Kung sa pamamagitan ng pag-aaral ay tunay nating mauunawaan ang mahahalagang bagay na ipinaliwanag sa itaas, mapapawi natin ang mga ideang dogmatiko na salungat sa mga saligang simulain ng Marxismo-Leninismo at nakasasama sa rebolusyonaryong layunin natin, at

ang ating mga kasamang may praktikal na karanasan ay makapaglalamang ng kanilang karanasan upang maging mga prinsipyo at maiiwasan nila ang mga empirisistang kamalian. Ito'y ilan lamang sa mga simpleng konklusyon mula sa pag-aaral natin ng batas ng kontradiksiyon.

---

#### MGA TALA

(1) Mula sa mga tala ni Lenin tungkol sa "Ang Kaisipang Eleatiko" sa Mga Lektura sa Kasaysayan ng Pilosopiya ni Hegel, Tomo I. Tingnan ang V. I. Lenin, "Konspektus ng Mga Lektura sa Kasaysayan ng Pilosopiya ni Hegel" (1915), Mga Tinipong Akda, Edisyong Ruso, Moscow, 1958, Tomo 38, p. 249.

(2) Sa kanyang sanaysay, "Hinggil sa Suliranin ng Diyalektika" (1915), sinabi ni Lenin, "Ang paghahati sa dalawa ng isang kabuuan at ang pag-alam sa mga magkasalungat na bahagi nito (tingnan ang siniping pangungusap mula kay Philo tungkol kay Heraklitus sa simula ng Seksyon 3, 'Hinggil sa Pag-alam', sa aklat ni Lassalle tungkol kay Heraklitus) ay siyang esensya (isa sa mga 'esensyal', isa sa mga prinsipal kung hindi man siyang prinsipal na katangian o anyo) ng diyalektika." (Mga Tinipong Akda, Tomo 38, p. 357) Sa kanyang "Konspektus ng Ang Siyensya ng Lohika ni Hegel" (Setyembre-Disyembre 1914), sinabi niyang, "Sa madaling salita, ang diyalektika ay maaaring ituring na doktrina ng kaisahan ng magkasalungat. Nasasapol nito ang ubod ng diyalektika ngunit kailangan nito ang pagpapaliwanag at ang pagpapaunlad." (ibid., p. 215.)

(3) Si Deborin (1881-1963), isang pilosopong Sobyet, ay naging kasapi ng Akademya ng mga Siyensya ng USSR. Noong 1930, sinimulang punahin ng mga sirkulo sa pilosopiya sa Unyong Sobyet ang kaisipang Deborin at tinukoy rin ng mga ito na idealista ang katangian ng mga pagkakamali nito sa paghihiwalay ng teorya sa praktika at ng pilosopiya sa pulitika.

(4) V. I. Lenin, "Hinggil sa Suliranin sa Diyalektika", Mga Tinipong Akda, Tomo 38, p. 358.

(5) Isang kasabihan ni Tung Chung-shu (179-104 B.C.), isang bantog na tagapagtaguyod ng Confucianismo sa Dinastiyang Han.

(6) Frederick Engels, "Diyalektika, Kantidad at Kalidad", Anti-Duhring (1877-78), ed. Ingles, FLPH, Moscow, 1959, p. 166.

(7) V. I. Lenin, "Hinggil sa Suliranin sa Diyalektika", Mga Tinipong Akda, Tomo 38, pp. 357-58.

(8) Frederick Engels, op. cit., pp. 166-67.

(9) V. I. Lenin, "Hinggil sa Suliranin sa Diyalektika", Mga Tinipong Akda, Tomo 38, p.357.

(10) Si Bukharin (1888-1938) ay namuno sa isang anti-Leninistang pangkat sa rebolusyonaryong kilusang Ruso. Sa kalauna'y sumama siya sa isang pangkat ng mga taksil, itiniwalag sa Partido noong 1937 at pinarusahan ng kamatayan ng Kataas-taasang Hukumang Sobyet noong 1938. Dito'y pinupuna ni Kasamang Mao Tse-tung ang maling palagay, na matagal nang itinataguyod ni Bukharin, ng pagtatakip sa mga kontradiksyon-sa-uri at ng paghalili ng pakikipagsabwatan-sa-uri sa tunggalian ng mga uri. Noong mga taong 1928-29, nang inihanda ng Unyong Sobyet ang ganap na kolektibisasyon sa pananakahan, lalo pang iginiit nang lantaran ni Bukharin ang kanyang maling palagay sa tangkang pagtakpan ang kontradiksyon-sa-uri ng mga mayamang magsasaka at mahihirap at panggitnang magsasaka at tutulan ang puspusang pakikibaka laban sa mayayamang magsasaka. Iginiit din niya ang kabalighuang ang uring manggagawa ay maaaring makipag-alyansa sa mayayamang magsasaka na maaaring "mapayapang makatutungo sa sosyalismo".

(11) V. I. Lenin, "Hinggil sa Suliranin sa Diyalektika", Mga Tinipong Akda, Tomo 38, pp. 358-59.

(12) Tingnan ang V. I. Lenin, "Komunismo" (Hunyo 12, 1920), na kung saan sinabi ni Lenin sa kanyang pagpuna sa pinuno ng Partido Komunista ng Hungary na si Bela Kun... na "tinalikdan niya ang pinakamahalagang bagay sa Marxismo, ang buhay na diwa ng Marxismo, ang kongkretong pagsusuri sa mga kongkretong kalagayan". (Mga Tinipong Akda, Tomo 31, p. 143.)

(13) Si Wei Cheng (A.D. 580-643) ay isang estadista at historyador ng Dinastiyang Tang.

(14) Ang Shui Hu Chuan (Mga Bayani ng Latian), isang bantog na nobelang Tsino sa ika-14 na dantaon ay naglalarawan ng isang digmaang



magsasaka sa katapusan ng Hilagang Dinastiyang Sung. Ang nayon ng Chu ay malapit sa Liang-shanpo, na kung saan si Sung Chiang, pinuno ng pag-aalsa ng mga magsasaka at bayani sa nobela ay nagtatag ng kanyang base. Si Chu Chao-feng, pinuno ng nayon, ay isang despotikong panginoong maylupa.

(15) V. I. Lenin, "Hinggil Muli sa Unyon sa Paggawa, sa Kasalukuyang Kalagayan at sa mga Pagkakamali nina Trotsky at Bukharin" (Enero 1921), Mga Piling Akda, ed. Ingles, International Publishers, Nuweba York, 1943, Tomo 9, p. 66.

(16) Ang rebolusyon ng 1924-27, kilala rin sa taguring Unang Rebolusyonaryong Digmaang Sibil, ay isang rebolusyonaryong pakikibakang anti-imperyalista at anti-pyudal na pangunahing binuo ng Ekspedisyong sa Hilaga na isinagawa batay sa pagtutulungan ng Partido Komunista-Kuomintang. Matapos mabuo ang rebolusyonaryong hukbong itinatag ng dalawang magkasanib na Partido ang mga rebolusyonaryong base sa lalawigang Kwangtung, sinimulan nito ang Ekspedisyong tungo sa Hilaga laban sa mga panginoong militar sa Hilaga na tinatangkilik ng mga imperyalista noong Hulyo 1926, at ito'y malugod na kinatigan ng malawak na masa ng mga manggagawa't magsasaka. Nasakop nito ang karamihan sa mga lalawigang bumabaybay sa mga Ilog Yangtse, at Ilog Dilaw noong huling dako ng 1926 at unang dako ng 1927. Habang matagumpay na sumusulong ang rebolusyon, ang mga reaksyonaryong pangkat sa Kuomintang sa pamumuno ni Chiang Kai-shek at ni Wang Ching-wei (kapwa kumakatawan sa interes ng mga uring komprador at panginoong maylupa) ay nagsagawa ng dalawang kontra-rebolusyonaryong kudeta sa tangkilik ng imperyalismo; ang una'y noong Abril 1927 at ang ikalawa'y noong Hulyo. Ang maka-kanang kaisipan na itinaguyod ni Chen Tu-hsiu noon sa Partido Komunista ng Tsina ay naging isang linyang palasuko kung kayat ang Partido at ang mamamayan ay hindi mabisang nakalaban sa biglang pananalakay ng mga reaksyonaryong pangkat ng Kuomintang, at ang rebolusyon ay natalo.

(17) Ang "apat na lalawigan ng hilagang-silangan" noon ay binubuo ng Liaoning, Kirin, Heilungkiang at Jehol na katumbas ngayon ng mga lalawigan ng Liaoning, Kirin, Heilungkiang, ang bahaging hilagang-silangan ng Hopei sa dakong hilaga ng Mahabang Muog at silangan ng Rehiyong Awtonomo ng Loob-Mongolia. Pagkaraan ng Insidente ng Setyembre 18 na nangyari noong 1931, sinakop ng mga mananalakay na Hapones ang Liaoning, Kirin at Heilungkiang, at di-nalaunan, noong 1933, sinakop din ng mga ito ang Jehol.

(18) Sa impluwensya ng Pulang Hukbong Tsino at ng kilusang anti-Hapones ng mga mamamayan, tinanggap ng Hukbong Kuomintang ng Hilagang-silangan sa pamumuno ni Chang Hsueh-liang at ng Hukbo ng Ika-17 Ruta sa pamumuno ni Yang Hu-cheng ang patakaran ng pambansang nagkakaisang prenteng anti-Hapones na iniharap ng Partido Komunista ng Tsina at hiniling ng mga ito kay Chiang Kai-shek na makipag-isa sa Partido Komunista upang labanan ang Hapon. Hindi lamang tumanggi sa kahilingan si Chiang Kai-shek kundi lalo pa siyang naulol at pinag-ibayo ang paghahandang militar upang "supilin ang mga Komunista" at sinugpo ang kilusang anti-Hapones ng mga estudyante sa Sian. Noong Disyembre 12, 1936 ay isinagawa nina Chang Hsueh-liang at Yang Hu-cheng ang Insidente sa Sian at inaresto nila si Chiang Kai-shek. Matapos ang insidente, ang Partido Komunista ay nagpahayag ng matatag na pagkatig sa makabayang kilos nina Chang Hsueh-liang at Yang Hu-cheng, at kaalinsabay nito'y nanindigang ang insidente ay dapat lutasin batay sa layunin ng pagkakaisa at paglaban sa Hapon. Noong Disyembre 25, si Chiang Kai-shek ay napilitang tanggapin ang kondisyon ng pakikipagkaisa sa Partido Komunista laban sa Hapon, kaya siya'y pinalaya at bumalik sa Nanking.

(19) Si Chen Tu-hsiu ay isang demokratikong radikal noong mga panahon ng Kilusang Mayo 4. Di-nalaunan, dahil sa impluwensya ng Rebolusyong Sosyalista ng Oktubre, siya'y naging isa sa mga tagapagtatag ng Partido Komunista ng Tsina. Sa loob ng anim na taon mula sa pagkakatatag ng Partido, siya ang namuno sa Komite Sentral. Matagal nang maka-kanan ang kanyang pag-iisip. Noong huling dako ng rebolusyon ng 1924-27, ito'y naging isang linyang palasuko. Ang mga palasukong kinatawan ni Chen Tu-hsiu ay "kusang binitiwang ang pamumuno ng Partido sa masa ng mga magsasaka, petiburgesyang tagalunsod at panggitnang burgesya, at higit sa lahat, ang pamumuno ng Partido sa hukbo, kayat nagdanas ng pagkatalo ang rebolusyon". ("Ang Kasalukuyang Kalagayan at ang Ating mga Tungkulin", Mga Piling Akda ni Mao Tse-tung, ed. Ingles, FLP, Peking, 1961, Tomo 4, p.171.) Matapos ang pagkatalo noong 1927, si Chen Tu-hsiu at ang sandakot na palasuko ay nawalan ng tiwalang magtatagumpay pa ang rebolusyon at naging likidasyonista. Sila'y nagkaroon ng reaksyonaryong maka-Trotsking palagay at bumuo ng mumunting anti-Partidong pangkat kasama ng mga maka-Trotsky. Dahil dito, si Chen Tu-hsiu ay itiniwalag sa Partido noong Nobyembre 1929. Namatay siya noong 1942.

(20) Sa loob ng maraming dekada, mula noong katapusan ng ika-18 dantaon, ang Britanya ay nagpasok sa Tsina ng parami nang paraming kantidad ng opyo. Dahil sa pangangalakal na ito, nagumon sa opyo ang maraming Tsino at nadambong ang pilak ng Tsina. Pinukaw nito ang

matinding pagtutol ng sambayanang Tsino. Noong 1840, sa pagdadahilang ipinagtatangol ang kanyang pakikipagkalakalan sa Tsina, ang Britanya ay naglunsad ng sandatahang pananalakay sa Tsina. Lumaban ang mga tropang Tsino sa pamumuno ni Lin Tse-hsu, at ang mamamayan ng Canton ay kusang nagbuo ng "Pangkat sa Pagsupil sa mga Ingles", na nagbigay ng maririing dagok sa pwersang panalakay ng mga Ingles. Gayunman, noong 1842, ang bulok na rehimeng Ching ay nakipaglagda sa mga mananalakay na Ingles ng Kasunduan ng Nanking. Itinakda ng kasunduang ito ang pagbibigay ng bayad-pinsala at ang pagsuko ng Hongkong sa Britanya, at gayundin ang pagbubukas ng Shanghai, Foochow, Amoy, Ningpo at Canton sa pangangalakal ng Britanya at ang pagtatakda ng taripa sa kalakal na Ingles na inaangkat sa Tsina na pagkakasunduan ng Tsina at Britanya.

(21) Ang Digmaang Tsino-Hapones noong 1894 ay pinasimulan ng imperyalismong Hapones na naglayong sakupin ang Korea at Tsina. Maraming sundalong Tsino at ilang makabayang heneral ang magiting na lumaban. Ngunit ang Tsina ay nagdanas ng pagkatalo dahil sa pagkabulok ng pamahalaang Ching at dahil hindi nito paghahandang lumaban. Noong 1895, ang pamahalaang Ching ay nakipaglagda sa Hapon ng kahiya-hiyang Kasunduan ng Shimoniseki.

(22) Mula sa mga tala ni Lenin sa "Katangian (Kalidad)" sa Ang Siyensya ng Lohika ni Hegel, Aklat I, seksyon 1. V. I. Lenin, "Konspektus ng Ang Siyensya ng Lohika ni Hegel", Mga Tinipong Akda, Tomo 38, pp. 97-98.

(23) Ang Shan Hai Ching (Aklat ng mga Bundok at Dagat) ay sinulat sa panahon ng mga Nagdirigmang Estado (403-221 B.C.). Sa isang pabula nito, hinabol at inabutan ni Kua Fu, isang superman, ang araw. Ngunit siya'y namatay sa pagkauhaw at kapagkuwa'y naging kahuyan ang kanyang tungkod.

(24) Si Yi ay isa sa mga bayani ng mga alamat ng Lumang Tsina, na bantog sa kanyang pamamana. Ayon sa alamat sa Huai Nan Tzu na natipon noong ika-2 dantaon B.C., may sampung araw sa kalangitan sa panahon ni Emperador Yao. Upang wakasan ang pamiminsala ng mga mainit na araw na ito sa mga halaman, inutusan ni Emperador Yao si Yi na panain ang lahat ng ito. Sa isa pang alamat na naitala ni Wang Yi (ikalawang dantaon A.D.), ang mamamana ay sinasabing nakatama ng siyam sa sampung araw.

(25) Ang Hsi Yu Chi (Paglalakbay sa Kanluran) ay isang nobela noong ika-16 dantaon, na ang bayani ay ang bathalang unggoy na si Sun Wu-kung. Sa pamamagitan ng kababalaghan, nababago niya ang kanyang sarili sa

pitumpu't dalawang iba't ibang anyo gaya ng ibon, kahoy o bato.

(26) Ang Mga Kababalaghang Kuwento ni Liao Chai, na sinulat ni Pu Sung-ling noong ika-17 dantaon, ay isang bantog na kalipunang binubuo ng 431 kuwento na karaniwang tungkol sa mga multo at mga espiritu ng soro.

(27) Karl Marx, "Introduksyon sa Pagsusuri ng Ekonomyang Pampulitika", Isang Ambag sa Pagsusuri sa Ekonomyang Pampulitika, edisyong Ingles, Chicago, Kerr & Company, 1904, pp. 310-11.

(28) Ang Komuna ng Paris ang kauna-unahang proletaryong organo ng kapangyarihan ng estado sa kasaysayan ng daigdig. Noong Marso 18, 1871, ang proletaryadong Pranses ay nag-alsa sa Paris at umagaw ng kapangyarihan. Sa pamumuno ng proletaryado, itinatag noong Marso 28 ang Komuna ng Paris sa pamamagitan ng eleksyon. Ito ang kauna-unahang rebolusyonaryong pagsisikap ng proletaryado na durugin ang makinaryang pang-estado ng burgesya at isang walang-kapantay na tagumpay sa paghalili ng proletaryong kapangyarihan ng estado sa ibinagsak na burges na kapangyarihan ng estado. Palibhasa'y kulang sa karanasan noon, ang proletaryadong Pranses ay hindi nakipagkaisa sa mga alyado nitong masang magsasaka, lubhang napagpaluwag sa harap ng kontra-rebolusyon at hindi maagap na naglunsad ng matatag na atakeng militar. Sa gayo'y ang kontra-rebolusyon ay nagkaroon ng panahong magtipon ng natalo nitong pwersa, bumalik at gumawa ng mabangis na pamamaslang sa mga mamamayang lumahok sa pag-aalsa. Ang Komuna ng Paris ay bumagsak noong Mayo 28.

(29) V. I. Lenin, "Hinggil sa Suliranin sa Diyalektika", Mga Tinipong Akda, Tomo 38, p. 358.

(30) Ang kasabihang "Ang mga bagay na magkasalungat ay nag-uugmaan din" ay unang nakita sa Kasaysayan ng Unang Dinastiyang Han ni Pan Ku, isang bantog na historyador sa unang dantaon, A.D. Ito'y matagal nang bantog na kasabihan.

(31) V. I. Lenin, "Hinggil sa Suliranin sa Diyalektika", Mga Tinipong Akda, Tomo 38, p. 358.

(32) Si Trotsky (1879-1940) ay puno ng isang anti-Leninistang paksyon sa rebolusyonaryong kilusang Ruso at sa kalauna'y nabulok at sumanib sa kontra-rebolusyon. Siya'y itiniwalag sa Partido ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet (B.) noong 1927, idinistiyero ng pamahalaang Sobyet noong 1929 at inalisan ng nasyonalidad na Sobyet noong 1932.

(33) Si Chang Kuo-tao ay isang taksil sa rebolusyong Tsino. Bilang ispekulador sa rebolusyon, sumanib siya sa Partido Komunista ng Tsina noong kanyang kabataan. Sa Partido'y gumawa siya ng maraming kamalian at tuluyang gumawa ng malulubhang krimen. Sa napakakriminal na paraan, tinutulan niya noong 1935 ang pahilagang martsa ng Pulang Hukbo, itinaguyod ang palasuko at likidasyonistang pag-urong ng Pulang Hukbo sa mga purok ng pambansang minorya sa may hanggahan ng Szechuan at Sikang (ang lalawigang Sikang ay binuwag noong 1955; isang bahagi nito'y sakop na ngayon ng lalawigang Szechuan at ang isa namang bahagi ay sakop ng Rehiyong Awtonomo ng Tibet), at lumahok siya sa mga lantarang aktibidad ng pagkakanulo sa Partido at Komite Sentral, nagtayo ng sarili niyang palsipikadong komite sentral, sinira ang pagkakaisa ng Partido at Pulang Hukbo, at nagdulot ng malalaking pinsala sa Hukbo ng Ikaapat na Prente. Salamat sa matiyagang pagtuturo ni Kasamang Mao Tse-tung at ng Komite Sentral, di-naglao'y bumalik ang Hukbo ng Ikaapat na Prente at ang maraming kadre nito sa ilalim ng wastong pamumuno ng Komite Sentral at gumawa ng mga kapuri-puring ambag sa mga sumunod na pakikibaka. Ngunit si Chang Kuo-tao ay ayaw magwasto ng mga kamalian, mag-isang tumakas sa Hanggahang Purok ng Shensi-Kansu-Ningsia noong tagsibol ng 1938 at sumanib sa lihim na pulisya ng Kuomintang.

(34) V. I. Lenin, "Mga Komentaryo ukol sa Ekonomya sa Panahong Transisyonal, ni N. I. Bukharin", Mga Piling Akda, edisyong Ruso, Moscow-Leningrad, 1931, Tomo 11, p. 357.

---

\* Ang sanaysay na ito sa pilosopiya ay sinulat ni Kasamang Mao Tse-tung pagkatapos ng kanyang sanaysay, "Hinggil sa Praktika", at sa layunin ding maiwasto ang mga malubhang kamalian ng dogmatistang pag-iisip na umiral sa Partido noon. Ito'y dating binigkas na lektura sa Anti-Hapones na Kolehiyong Pangmilitar at Pampulitika sa Yen-an at inayos ng may-akda nang ito'y ibilang sa kanyang Mga Piling Akda.